



Integrasyon ng Numerasiya at Literasi sa Pagtuturo ng Tula

Vanessa V. Ballore

School of Teacher Education, University of Nueva Caceres

vanessa.ballore@unc.edu.ph

Petsa ng Pagsumite:

Hulyo 02, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Hulyo 17, 2026

Petsa ng Paglathala:

Hulyo 26, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.21590979

Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng Halimbawang Aralin (Lesson Exemplar) na nakaangkla sa MATATAG Kurikulum sa pamamagitan ng integrasyon ng numerasiya at literasi sa pagtuturo ng tula. Tatlong pangunahing suliranin ang tinalakay ng pananaliksik: (1) Ano ang mga kalagayang umiiral na kagamitang panturo sa pagtuturo ng tula batay sa pagkakaroon o kawalan ng integrasyon ng numerasiya at literasi? (2) Anu-ano ang mga aspektong numerasiya at literasi na maaaring isama o palakasin sa mga umiiral na kagamitang panturo sa pagtuturo ng tula? (3) Anu-ano ang maaaring malikha upang mailarawan ang integrasyon ng numerasiya at literasi sa pagtuturo ng tula sa mga halimbawang

aralin (lesson exemplars)? Ginamit ang kwalitatibong pamamaraan, partikular ang documentary/content analysis, upang masuri ang balanse ng integrasyon ng numerasiya at literasi sa mga nilalaman ng MATATAG Kurikulum, lalo na sa mga paksang may kaugnayan sa tula. Ipinakita ng pagsusuri na hindi pantay ang integrasyon sa mga aralin mula sa Una, Ikatlo, at Ikaapat na Markahan. Sa larangan ng wika at panitikan, makikita ang iba't ibang kasanayang angkop sa ilalim ng literasi. Samantala, limitado lamang ang pokus sa mga konsepto at kasanayang may kaugnayan sa numerasiya. Batay sa mga natuklasan, kinakailangan ang pagbuo ng kagamitang panturo na sistematikong nagsasama ng syllable mapping, ritmo, pattern drills, paghahambing ng sukat ng tula, at interdisiplinaryong ugnayan ng Filipino at Matematika. Pinagtibay na ang paglikha ng Halimbawang Aralin (Lesson Exemplar) na may integrasyon ng numerasiya at literasi ay posible, praktikal, at epektibo lalo na kapag suportado, malinaw, organisado, at curriculum-aligned ang mga gawain.

Mga Susing Salita: *numerasiya, literasi, matatag curriculum, tula, documentary/content analysis, integrasyon*

INTRODUKSIYON

Hindi garantiya ng tiyak na tagumpay ang edukasyon bagkus nagsisilbing mahalagang kasangkapan upang maihanda ang mga mamamayan sa mga hamon at komplikasyong dulot ng patuloy na pagbabago sa lipunan. Isa itong mahalagang salik sa paghubog ng isang progresibo at maunlad na bansa sapagkat dito nahuhubog ang kaalaman, kasanayan, at pagpapahalagang kinakailangan upang makibahagi nang aktibo sa pambansa at pandaigdigang kaunlaran. Sa ganitong perspektiba, ang edukasyon ay hindi lamang nakatuon sa akademikong pagkatuto kundi maging sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at responsableng pakikilahok sa lipunan. Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon (2023), sa Pilipinas, ang patuloy na reporma sa kurikulum ay patunay ng pagsusumikap ng pamahalaan at mga institusyong pang-edukasyon na tugunan ang mga suliranin sa pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular sa larangan ng literasi at

numerasiya na kinikilalang pundasyon ng lahat ng akademikong disiplina. Itinuturing na mahalaga ang batayang kasanayan sa literasi at numerasiya hindi lamang sa loob ng silid-aralan, kundi maging sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ayon sa United Nations Educational Scientific and Cultural Organization (UNESCO), ang literasi ay hindi lamang tumutukoy sa kakayahang bumasa at sumulat, bagkus ay sumasaklaw din sa kakayahang umunawa, magsuri, lumikha, at makipagkomunikasyon gamit ang iba't ibang anyo ng wika at simbolo. Samantala, ayon sa Organization for Economic Cooperation and Development o OECD (2019), ang numerasiya ay tumutukoy sa kakayahang gumamit ng mga konseptong matematikal upang makapagpasiya at makalutas ng mga suliranin sa tunay na konteksto ng buhay. Ang literasi at numerasiya ay dalawang magkakaugnay na kasanayan na kapwa mahalaga sa paglinang ng kritikal at lohikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga ito, napalalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral na suriin, unawain, at gamitin ang mga impormasyong kinakailangan sa pagharap sa iba't ibang sitwasyong pang-akademiko at pang-araw-araw na buhay.

Sa kabila ng mga repormang pang-edukasyon tulad ng pagpapatupad ng K to 12 at kamakailan ng MATATAG Curriculum, nananatiling hamon ang mababang antas ng literasi at numerasiya ng mga Pilipinong mag-aaral. Batay sa resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA), patuloy na nahuhuli ang Pilipinas sa larangan ng pagbasa at matematika kung ihahambing sa ibang bansa, na nagpapakita ng seryosong learning gap sa batayang kasanayan. Maraming mag-aaral ang nakararanas ng kahirapan hindi lamang sa pag-unawa ng mga tekstong binabasa, bagkus maging sa pagsagot sa mga suliraning nangangailangan ng lohikal at numerikal na pangangatwiran. Ipinakita ng mga pag-aaral na karamihan sa mga bansa ay nakapagtatala ng mataas na antas ng batayang kasanayan sa pagbasa sa ikaapat na baitang.

Gayunpaman, nagdulot ang pandemya ng matinding suliranin sa larangan ng pagkatuto, lalo na sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa. Sinang-ayunan ang resultang ito mula sa World Bank (2022), sa global na aspeto, kaya nagkaroon ng “learning poverty” lalo na sa mga bansang may mababang kita tulad ng Pilipinas. Ipinapakita ng datos na maraming mag-aaral na may edad sampung taon ang nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa ng mga simpleng teksto. Sa lokal na konteksto, ipinakita sa resulta ng PISA (2022), na ang Pilipinas ang isa sa mga bansang may pinakamababang marka sa matematika na nangangailangan ng agarang interbensiyon. Bagaman, ang functional literacy rate ng Pilipinas ay tumaas noong 2019 na may 91.6%, at noong 2024 naman 93.1%. Gayunpaman, mayroon pang gap sa numerasiya dahil sa socioeconomic na dahilan tulad ng mababang kita, kakulangan sa kagamitang pampagtuturo, at suporta ng kapaligiran tulad na lamang ng magandang resulta sa National Achievement Test (NAT) dahil sa maayos na daloy ng pagtuturo mula Kinder hanggang Ikatlong baitang na nakatuon sa foundational skills tulad ng phonics at basic arithmetic. Gayunpaman, nagkakaroon ng matinding learning gap sa pagkatuto dahil sa konteksto ng guro at sosyoekonomik na kalagayan. Batay sa mga resulta ng PISA, maiuugnay ang kinalabasan na ito sa kasalukuyang pananaliksik, partikular sa konteksto ng pagtuturo ng tula, sapagkat kinakailangang mapataas ang antas ng analitikal at numerikal na pagkatuto ng mga mag-aaral, na naitalang mababa sa mga Pilipinong mag-aaral. Dahil dito, binibigyang-pokus ng kasalukuyang pag-aaral ang pagsusuri at paglinang ng mga angkop na estratehiya upang mapalakas ang integrasyon ng literasi at numerasiya sa pagtuturo, sa layuning mapabuti ang akademikong pagganap at masugpo ang umiiral na kakulangan sa pagkatuto.

Tulad ng K to 12, binigyang-diin din ng MATATAG Kurikulum ang mga foundational skills upang tugunan ang mababang resulta ng literasi at numerasiya ng Pilipinas, na nakabatay sa ebidensiyang pamamaraan mula sa mga global best practices. Sa pamamagitan nito, layunin ng kurikulum na palakasin ang pundamental na kasanayan ng mga mag-aaral upang mapaangat ang kanilang antas ng pagkatuto at

matugunan ang umiiral na learning gaps sa bansa. Nagbigay pokus ang kurikulum sa pagbabawas ng mga learning competencies mula sa mahigit 11,000 tungo sa 3,600 na bilang na lamang. Dagdag pa, binigyang-diin din sa K to 3 ang mga pundamental na kasanayan tulad ng ponolohikal sa pamamagitan ng pagkilala sa mga tunog, decoding, pagbilang, at pagsasagawa ng mga simpleng operasyon o pagkompyut.

Malaki ang papel na ginagampanan ng kurikulum ng Pilipinas sa kinagisnan at kasalukuyang mga repormang pang-edukasyon, partikular na ang K to 12 at MATATAG Curriculum. Sa konteksto ng K to 12 kurikulum sa Pilipinas, nagkaroon ito ng positibong epekto sa literasi at numerasiya dahil sa pagbibigay-diin nito sa matatag na pundasyon ng mga batayang kasanayan na dapat taglayin ng mga mag-aaral.

Bagaman may mga umiiral na programa at interbensiyon ang Kagawaran ng Edukasyon upang tugunan ang suliraning ito, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nagsusuri sa integrasyon ng literasi at numerasiya sa loob ng asignaturang Filipino, lalo na sa pagtuturo ng panitikan gaya ng tula. Dahil dito, nagkaroon ng kakulangan sa mga ebidensiyang batayan na maaaring magsilbing gabay sa paglinang ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo. Kadalasan, ang pagtuturo ng tula ay nakatuon lamang sa aspektong pampanitikan tulad ng tema, simbolismo, at damdamin na hindi lubos napakikinabangan ang potensiyal nito bilang lunsaran ng paglinang ng kasanayang numerasiya, tulad ng pagsusuri ng estruktura, sukat, bilang ng pantig, at mga pattern. Dahil dito, nananatiling hiwalay ang pagtuturo ng wika at matematika, sa halip na maisagawa bilang isang integratibo at makabuluhang proseso ng pagkatuto. Malaki ang puwang sa integrasyon ng tula sa konteksto ng kurikulum bunsod ng kakulangan sa sistematiko at malalim na paggamit nito bilang kasangkapan sa pagtuturo ng literasi na magpapalakas sa bokabularyo, emosyonal na pakikilahok sa pag-aaral, at komprehensiyon sa pagbabasa ng mga mag-aaral, lalo na sa mga asignaturang Filipino at Ingles. Sa konteksto ng Pilipinas, ang pag-uugnay ng tula sa talakayan na kulang dahil sa kawalan ng malinaw na balangkas sa pagpapatupad ng K to 12 at MATATAG Kurikulum, tinutukoy lamang nito ang mga tayutay at pag-uugnay sa karanasan na tugunan ang functional literasi gaps. Samantala, sa konteksto ng numerasiya, hindi tuwirang binibigyang-diin ang mga panuntunan sa usaping ito. Gayunpaman, kinakailangan ang integrasyon ng kontekstuwalisadong estratehiya sa pagtuturo na nagtataguyod ng matematikal na pag-iisip bilang tugon sa mga gawaing literari, na naipapakita ng mga mag-aaral ang simpleng pagbibilang ng sukat, tugma, at pantig sa tula.

Sa ganitong konteksto, isinagawa ang pananaliksik na pinamagatang “Integrasyon ng Numerasiya at Literasi sa Pagtuturo ng Tula” upang tugunan ang kakulangan sa mga pag-aaral na nag-uugnay sa dalawang batayang kasanayan sa loob ng asignaturang Filipino, at upang makapag-ambag sa paglinang ng mga angkop na estratehiyang pedagogikal na magpapalakas sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa adhikain ng MATATAG Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon (2023) na palakasin ang literasi at numerasiya bilang pangunahing prayoridad sa paghubog ng mga mag-aaral na handa sa trabaho, aktibong nakikilahok, at responsableng mamamayan.

Layunin ng pag-aaral na suriin at malinang ang mga umiiral na kagamitan sa pagtuturo ng tula upang maipatupad ang mabisang integrasyon ng numerasiya at literasi at makalikha ng mga lesson exemplars o halimbawang aralin na magsisilbing gabay sa integrasyong ito sa pagtuturo ng tula. Higit pa rito, ang pag-aaral ng nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng guro bilang tagapamagitan ng kaalaman. Ang kalidad ng pagtuturo ay nakasalalay sa kahusayan ng guro, sapat na kagamitang pampagtuturo, at sa epektibong kolaborasyon sa loob ng pamayanang pang-edukasyon. Sa pamamagitan ng integrasyon ng numerasiya at literasi sa pagtuturo ng tula, inaasahang mapauunlad hindi lamang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsusuri ng akda kundi pati ang kanilang analitikal, lohikal, at kritikal na pag-

iisip. Sa huli, naglalayon ang pananaliksik na ito na makapag-ambag sa pagpapatatag ng batayang kasanayan ng mga Pilipinong mag-aaral at sa patuloy na pagpapaunlad ng makabuluhan at integratibong pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino.

Layunin ng Pananaliksik

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri at mapahusay ang integrasyon ng numerasiya at literasi sa pagtuturo ng tula at masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kalagayan ng mga umiiral na kagamitang panturo sa pagtuturo ng tula batay sa pagkakaroon o kawalan ng integrasyon ng numerasiya at literasi?
2. Anu-ano ang mga aspektong numerasiya at literasi na maaaring isama o palakasin sa mga umiiral na kagamitang panturo sa pagtuturo ng tula?
3. Anu-ano ang maaaring malikha upang mailarawan ang integrasyon ng numerasiya at literasi sa pagtuturo ng tula sa mga halimbawang aralin (lesson exemplars)?

Batayang Teoretikal

Ang Figura 1, nagpapakita ng mga teoryang naging sanligan ng kasalukuyang pag-aaral. Siniyasat ng mabuti ang naging makabuluhang kaugnayan ng mga sumusunod na teorya batay sa pag-aaral na ginawa.

Ayon kina Zeithofer et al. (2024), nakatuon ang Cognitive Load Theory ang Salik na Pantao at Sikolohiyang Pangkognisyon. Binibigyang tuon-pansin nito ang tatlong mahahalagang salik kapag ang isang tao ay gumagawa ng mga gawain: Ang task complexity o pagkakomplekadong gawain o ang hirap ng elemento sa isang gawain. Tumataas ang complexity kung maraming impormasyon ang pinoproseso. Ang cognitive load o lulang kognitibo, dito papasok ang konsepto ng “mental effort” bigat na danas ng utak. Kapag sobrang daming impormasyon ang nasasagap, may pagkakataon na hindi agad itong napoproseso dahilang upang bumagal ang paggana nito. At ang performance at awareness o pagganap at kamalayan, tinatalakay naman nito kung ang mga gawian ay maayos na natapos at kung gaano kaalerto sa kanyang kapaligiran. Sa konteksto ng literasi, kapag ang isang akda ay gumagamit ng malalim na salita at mahahabang pangungusap ang bata ay hindi nakapokus sa kabuong kahulugan nito ngunit nagsasagawa ito ng decoding gamit ang mga salita na tingin nito ay malapit sa kahulugang nais iparating. Samantala sa numerasiya naman, sa konsepto ng sipnayan kailangan nito ng mataas na antas ng pag-iisip dahil madaling mapagod ang utak sa pagproseso higit lalo kung mayroong komplikadong gawain ang nakaangkla. Samakatuwid, ang ating utak ay mayroon ding limitasyon, kung nais natin na maging mahusay sa pagbasa (literasi) at mahusay sa pagkompyut (numerasiya), kailangan ng pagbabalanse ng mga hirap ng gawain upang mas madaling maunawaan.

Batay sa pag-aaral nina Zainudin et al. (2023), ang Sosyokultural na Teorya ni Vygotsky, lalo na ang konsepto ng Scaffolding at Zone of Proximal Development (ZPD), nagbibigay-diin sa kolaborasyon (tulad ng blended learning) at gabay na suporta (guided support) ng mga guro at mag-aaral upang mapataas ang antas ng pag-unawa, mapaunlad ang self-efficacy, at mapahusay ang numerasiya at literasi, na gagamiting pundasyon ng pananaliksik para sa kolaboratibo at interaktibong pamamaraan ng pagtuturo. Ayon naman kina Sun et al. (2021), ang Metacognitive Theory na tumutukoy sa kakayahan ng tao na mag-iisip tungkosa sarili nitong pag-iisip o “thinking of our own thinking,” kung saan ang pag-aaral ay nagpapakita na ang pagtuturo ng apat na pangunahing estratehiya tulad ng Affective, Elaboration, Monitoring, at Organization ay kailangan upang magkaroon ng malalim na pag-unawa sa binasa, kaya ang teorya na gagamitin sa pananaliksik ay hasain ang komprehensibong kasanayan sa pag-unawa (literasi) at analitikal na kakayahan (numerasiya) ng mga mag-aaral.




Figura 1. Balangkas Teoritikal

Ayon sa pag-aaral ni Zhang (2022), ang New Viewpoint on Readers' Reception in Formalist Literary Theory ay nagbibigay-mukha sa pagsusuri ng akdang pampanitikan batay sa istruktura, anyo, at wika (pormalismo) ngunit pinapalawak ang tradisyonal na pananaw sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa proseso ng pagtanggap at interpretasyon ng mambabasa, na magiging batayan ng pananaliksik upang magkaroon ng kalayaan ang mga mag-aaral na magbigay ng sarili nilang pananaw batay sa naunawaan sa binasang teksto at makabuo ng malalim na pag-unawa mula dito.

Batayang Konseptuwal

Matutunghayan sa Figura 2 ang batayang konseptuwal ng pag-aaral ukol sa Integrasyon ng Numerasiya at Literasi sa Pagtuturo ng Tula. Nilalayon na masuri ang mga umiiral na kagamitang pampagtuturo ng tula na may integrasyon ng numerasiya at literasi na pangunahing paksa ng pag-aaral.

Mainam na matukoy ang mga umiiral na kagamitang pampagtuturo upang makita kung mayroong integrasyon ng numerasiya at literasi sa mga paksang ituturo sa Filipino 7. Sa pamamagitan nito mas madali na mabigyan ng patnubay ang mga guro maging sa mag-aaral na mas mapagaan ang mga gawaing pampagtuturo at pamgpagkatuto. Bagaman nabanggit na kailangang pag-ibayuhin ang kanilang mga kasanayan higit lalo sa larangan ng literasi at numerasiya. Mahalaga na maunawaan ang kabuoang konsepto at konteksto ng paksa dahil sa kasanayan sa pagbabasa. Ang kakayahang mag-analisa ng mga elemento tulad ng imahen, metapora, istruktura, at organisasyon na direktang nagpapalakas sa kritikal at analitikal na kasanayan sa pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito mas nahahasa ang kanilang kakayahan hindi lamang sa analitikal na konsepto kung hindi maging sa kanilang kritikal at komprehensibong pag-iisip batay sa konteksto ng paksa.




Figura 2. Batayang Konseptuwal

Sa numerasiya naman, hindi lamang nakapokus sa pagbibilang o simpleng matematika, nilalayon naman nito na mahasa ang kanilang lohikal na paghihinuha at pag-iisip upang masolusyunan ang isang problema. Ang paglalahad ng mga teksto at datos mula sa mga panitikan ay hindi lamang nakatuon sa pagbibigay ng impormasyon, bagkus ay nangangailangan din ng epektibong komunikasyon at malalim na pag-unawa mula sa mambabasa o tagatanggap.

Samantala, bilang tugon sa pangangailangan ng pagbabago, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang MATATAG Kurikulum na naglalayong gawing mas espesipiko ang mga learning competencies upang matamo ng mga mag-aaral ang kinakailangang kasanayan sa limitadong oras ng pagtuturo. Kaugnay nito, sinuri sa pag-aaral na ito ang mga paksang may tula na may integrasyon ng numerasiya at literasi upang mapalakas ang paglinang ng mga nasabing kasanayan.

METODOLOHIYA

Inilahad sa bahaging ito ang mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng kinakailangang datos. Kabilang dito ang paglalarawan ng disenyo ng pananaliksik, mga instrumentong ginamit, paraan ng pangangalap ng datos, deskripsyon ng mga respondente, estatistikang ginamit, mga isyung etikal, at mga teknik sa pagsusuri ng datos.

Ang pag-aaral na ito ay isang pagsusuri ukol sa Integrasyon ng Numerasiya at Literasi sa Pagtuturo ng Tula. Isang kwalitatibong pag-aaral at gumamit ng content analysis. Ginamit ito dahil kinakailangan na suriin ang mga paksang nakapaloob mula sa MATATAG kurikulum kung ang mga ito ay naglalaman ng

integrasyon ng numerasiya at literasi sa mga paksang may kinalaman sa tula. Ayon kina Kleinheksel et al. (2020), ang content analysis ay isang masusing proseso ng pagbuo ng kahulugan mula sa datos sa pamamagitan ng pag-uuri ng mga salita, pahayag, at konsepto upang makabuo ng mga kategorya at tema. Sa pamamagitan nito, maipapakita ang kaugnayan ng mga paksang may numerasiya at literasi sa pagtuturo ng tula sa mga mag-aaral upang matamo ang lubos na pagkatuto.

Naglalaman ang bahaging ito ng mga kaparaanan at hakbang sa pagbuo ng pananaliksik na ginamitan ng content analysis bilang pamamaraan ng pangangalap ng datos.

Ang unang hakbang ay ang pagtukoy sa mga paksang naglalaman ng mga tula. Isinagawa ito upang matukoy at malimitahan ang mga paksang susuriin batay sa integrasyon ng numerasiya at literasi sa pagtuturo ng tula mula sa mga lingguhang aralin. Ang ikalawang hakbang, ang pagsusuri ng mga nilalaman na mga paksang may kaugnayan batay sa umiiral ang integrasyon ng numerasiya at literasi sa mga napiling aralin batay sa mga nakatakdang gawain at pagtataya.

Ang ikatlong hakbang, ang pagtukoy sa mga aspektong kailangan idagdag o baguhin sa mga aralin tungo sa paglinang ng mga ito salig sa mabisang integrasyon ng numerasiya at literasi.

Ang huling hakbang, ang pagbuo ng halimbawang aralin (lesson exemplar) batay sa mga natukoy na pangangailangan sa paglinang para sa pagpapabuti ng mga paksa maging sa kasanayang maaaring malinang batay sa integrasyon ng konteksto ng numerasiya at literasi ng mga mag-aaral.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Kalagayang Umiiral na Kagamitang Panturo sa Pagtuturo ng Tula

Batay sa gabay pangkurikulum sa Filipino ng baitang 7, pinili ang mga araling may kaugnayan sa pagtuturo ng tula. Sinaliksik naman ang mga umiiral na lingguhang aralin ng mga napiling paksa mula sa Kagawaran ng Edukasyon upang maging sentro ng pagsusuri. Sa pamamagitan ng pagsusuring dokumentaryo, dinalumat ang mga nabanggit na kagamitan upang mapalitaw ang pagkakaroon o kawalan ng integrasyon ng numerasiya at literasi.

Ipinakikita rin dito ang mga paksang naglalaman ng mga tula mula sa lingguhang aralin na sumailalim sa pagsusulit. Sakop lamang nito ang Una, Ikatlo, at Ikaapat na Markahan. Sa Unang Markahan, sakop lamang ang Aralin 2 na ang paksa ay tungkol sa Karunungan – bayan. Sa Ikatlong Markahan, sakop ang Aralin 3 – Dula: Senakulo, Moro-Moro, Sarsuwela, Tibag, Flores de Mayo, Santacruzang Awit at Korido na sumasalamain sa tradisyonal na dulang Pilipino at Aralin 4 – Mga Awit ng Rebolusyon laban sa mga Kastila at Iba pa na pumapaksa sa makabayang Awitin at tula ng himagsikan. Ang Ikaapat na Markahan, sakop naman ang pitong aralin. Aralin 1 – Ibong Adarna (Saknong 1–6), Aralin 2 – Ibong Adarna (Saknong 7–215), Aralin 3 – Ibong Adarna (Saknong 216–442), Aralin 4 – Ibong Adarna (Saknong 443–729), Aralin 5 – Ibong Adarna (Saknong 730–1006), Aralin 6 – Ibong Adarna (Saknong 1007–1362), at Aralin 7 – Ibong Adarna (Saknong 1363–1717).

Karunungan-bayan (Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain, Kasabihan)

Ang karunungan-bayan ay tradisyonal na paniniwala, kasabihan, at kaisipan ng mga sinaunang Pilipinong nagpahayag ng karanasan at karunungan sa pamamagitan ng pasalindila bago pa man umusbong

ang pasulat na pamamaraan.

Ang bahaging nagpapakita sa talahanayan 1 ay tungkol sa iba't ibang anyo ng karunungan-bayan kabilang ang mga sumusunod: Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain, at Kasabihan. Ipinapakita rin na ito ay may integrasyon ng literasi sa pamamagitan ng pangkatang pananaliksik at pagbabasa ng mga karunungan-bayan, patnubay sa pagbasa ng mga karunungan-bayan, pagsuri, at pag-uugnay ng mga karunungan-bayan sa karanasan ng mga mag-aaral. Mayroon din itong integrasyon ng numerasiya sa pamamagitan ng pagsusuri sa katangian o elemento ng mga karunungan-bayan partikular na ang sukat na nagbibigay-diin sa wastong bigkas at interpretasyon sa bawat nilalaman.

Sumasaklaw din ang bahaging ito sa mga tradisyonal na anyo ng panitikan. Ang integrasyon ng literasi ay makikita sa pangkatang pananaliksik, pinatnubayang pagbasa, at pag-uugnay ng mga karunungan-bayan sa karanasan ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, naisama ang numerasiya sa pamamagitan ng pagsusuri sa katangian o elemento ng tula, partikular ang sukat o ang bilang ng pantig sa bawat taludtod.

Nakatuon ang ibang aralin sa paglinang ng literasi sa pamamagitan ng komprehensibo, malikhaing pagsusuri, at pagbabasa sa mga tekstong may kaugnayan karunungan-bayan. Sa pamamagitan rin ng mga karanasan ng mag-aaral ay maaaring mapalawak ang kanilang bokabularyo at kritikal na pag-unawa sa konteksto ng wika. Sa konteksto ng numerasiya, binigyang-pansin ang koneksiyon sa larangan ng Matematika gamit ang panitikan sa pamamagitan ng integrasyon ng numerasiya sa pagtuturo ng tula.

Talahanayan 1

Unang Markahan – Aralin 2: Karunungan-bayan (Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain, Kasabihan)

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikatlong Markahan Aralin 3	Dula, Senakulo, Moro-moro, Sarsuwela, Tibag, Flores de Mayo, Santacruzang, Awit at Korido	Matalim na pag-unawa at panunuri sa panitikan	Pagsusuri sa sukat ng Awit at Korido – mga uri ng Tulang Pasalaysay	GI	Tumutugon sa pagpapaunlad ng literasi ang pag-unawa at panunuri ng panitikan sapagkat kinapapalooban ito ng kritikal na pagbasa Nagkaroon lamang ng integrasyon ang numerasiya dahil sa "sukat" na bahagi ng katangian ng tulang Awit at Korido

Pakahulugan:

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Ang pagsusuri sa katangian o elemento ng mga karunungan-bayan partikular na ang sukat na naging batayan upang maipakita ang integrasyon ng numerasiya sa pagtuturo. Batay sa Content Analysis Matrix, “*Mayroon ding paglalapat ng numerasiya dahil sa kalikasang patula ng mga karunungan-bayan kung saan nagtataglay ng sukat o ang bilang ng pantig sa bawat taludtod*”. Sa pagsasanib ng wika at panitikan, binibigyang-pansin nito ang sukat at estruktura upang mas mapalalim ang pag-unawa sa konteksto ng akda. Nagpakita ng Ganap na Integrasyon (GI), ang literasi na nangingibabaw sa aspekto ng pag-unawa sa talinghaga at konteksto, habang ang numerasiya ay nagsisilbing teknikal na pundasyon upang makilala ang anyo ng tula halimbawa na lamang ang Tanaga na may pitong pantig bawat taludtod.

Ang karunungan-bayan ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pambansang pamana at pagkakakilanlan batay sa mga akdang pampanitikang nailimbag sa kasaysayan. Ang sariling karanasan ang nagiging daan upang mapahalagahan ang mga aral na nakabaon, mapa-bugtong man, tanaga, sawikain, salawikain, at kasabihan. Ang mga matatanda rin noon ay mahilig magbigay ng mga pangaral na madalas banggitin sa sawikain at salawikain batay sa pagmamahal, aral, at panlipunan. Ang karunungan-bayan bilang pantulong sa paghubog ng pag-uugali at pagkakakilanlan ng Pilipino. Nagpapakita ito ng kultura at nagpapalalim sa pag-unawa ng wika at panitikan. Ang mga anyo ng Karunungan-bayan ay tinalakay ang mga sumusunod: Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain, at Kasabihan. Ang bugtong na tumutukoy sa palaisipan na ginagamitan ng matatalinhagang salita para sagutan ng mga nakikinig o bumabasa. Ang sawikain na isang pahayag o idyoma na hindi tuwiran ang pahayag o kahulugan. Ang salawikain na tulad ng kasabihan ay naglalaman ng mga aral, moralidad, at mga tamang pag-uugali na dapat taglayin ng tao. Ang kasabihan naman na mga pahayag na simple ngunit direkta ang kahulugan. Ang mga nabanggit na anyo ng karunungan-bayan na nagpapakita ng integrasyon ng literasi dahil sa kritikal na pag-unawa ng mga kahulugan na nakapaloob. Nagpapataas din ito ng mga makrong kasanayan, tulad na lamang sa pagbasa, kailangan maunawaan ang konteksto ng paksa ng mga bumabasa, kailangang suriin batay sa pakahulugan ng mga paksa at pag-unawa upang lubusang maunawaan ang kabuoang konsepto ng paksa. Samantala, ang Tanaga bilang maikling tulang binubuo ng apat na taludtod na mayroong pitong pantig. Ito ay may integrasyon ng numerasiya, sapagkat nagpapakita ito ng sukat.

Ang pagsusuri sa sukat ay nagbibigay-diin sa wastong bigkas at sa mas malalim na interpretasyon ng nilalaman ng akda. Ang paggamit ng sukat bilang bahagi ng numerasiya ay nagpapakita lamang na ang matematika ay hindi hiwalay sa sining. Ang wastong pagbibilang ng pantig ay mahalaga sa paghubog ng ritmo at indayog ng tula, na nakatutulong sa mas mabisang pagmememorya at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mensaheng nakapaloob sa akda.

Sa pag-aaral nina Entaña et al. (2024), ukol sa Mga Kolektibong Karunungan-bayan ng Claver: Isang Pangnilalamang Pagsusuri, natuklasan sa pananaliksik na ang uri ng karunungan-bayan na sawikain na may pinakamataas na porsyento (49%), samantalang ang kawikaan naman na may pinakamababang porsyento (8%) na sumasaklaw sa paksang pagmamahal, kaasan, panlipunan, at edukasyon. Ang sawikain na pahayag o idyoma na may nakahimig o di-tuwirang kahulugan, hindi literal ang ibig sabihin na ipinapakita na mas mataas ang kabuoang porsyento. Samantala, ang kawikaan ay tumutukoy sa mga pahayag na nagbibigay ng aral o payo ng buhay na nakakuha ng pinakamababang porsyento. Nagpapakita ito ng mga naipamanang kultura, sapamamagitan ng pagkolekta ng mga ito na napapahalagahan ang tema



na nakikita sa lipunan na ang halaga ng literasi na higit na makikita sa pagsusuri ng isang teksto. Sang-ayon sa pag-aaral ni Eslit (2023), ukol sa Resilience of Philippine Folklore: An Enduring Heritage and Legacy for the 21st Century. Tumatalakay sa iba't ibang anyo ang kuwentong-bayan sa Pilipinas bilang bahagi ng kultura at pagkakakilanlan. Ito ang tanging susi upang mas pahalagahan ang mga lokal na kultura, pagpapalawak ng pag-unawa at pagpapanatili bilang identidad bilang mga Pilipino noon at ngayon sa kontemporaryong panahon. Sa pamamagitan nito ang iba't ibang anyo ng panitikan katulad ng mga kuwentong-bayan na nagpapayaman ang wika sa tulong ng edukasyon batay sa katauhan ng mga mag-aaral.

Sinasanay at ginamit ng mga guro ang panitikang pambata upang mapahusay ang pagkatuto sa matematika. Upang maunawan ang isang akda, maaaring gumamit ng akdang pampanitikan, kasabay ng mga manipulatibo at biswal na grapiko. Kaugnay nito sa kasalukuyang pananaliksik, magkatulad ang adhikan na magturo batay sa panitikan ngunit ang sentro ng kasalukuyang pananaliksik ang konteksto ng tula sa pamamagitan ng integrasyon ng numerasiya batay sa komprehensibong pagsusuri na ginawa sa tula bilang lunsaran ng pagkatuto. Ang MATATAG Kurikulum na naglalayong palakasin ang saligang kasanayan. Ang paglitaw ng numerasiya dito na nagpapatunay na idinisenyo ang kurikulum upang maging interdisiplinaryo. Gayunpaman, ang mas malawak na espasyo para sa literasi na nagpapakita na ang prayoridad ng Filipino na ang pagbuo ng kultural na identidad at kritikal na pag unawa sa wika.

Para mapanatili ang integrasyon ng numerasiya at literasi sa konteksto ng pagtuturo na maaaring gamitin ang teknolohiya bilang kasangkapan na matugunan ang pangangailangang ito. Maaaring magmungkahi ng iba't ibang gawain sa pamamagitan ngpagbuo ng sariling Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain, at Kasabihan. Sa pamamagitan nito na mas mahuhubog ang literasi sa akdang tinalakay maging sa pagtataya ng mga sukat gamit ang tula na mayroong integrasyon ng matematika. Kasangkapan din ang karunungan-bayan ng pagtuturo ng karunungan at pagpapahalaga. Ang pag-aalok din ng mga gawaing pangkultura gaya ng mga patimpalak sa paraang pagbigkas na makatutulong upang mas maging kawili-wili ang kanilang pagkatuto na may malaking ambag sa larangan ng edukasyon sa konteksto ng asiganturang Filipino. Maaaring palalimin ang numerasiya sa pamamagitan ng pagpapagawa ng simpleng estadistika o frequency count ng mga salitang paulit-ulit na ginagamit sa mga salawikain upang matukoy ang pinakamahalagang pagpapahalaga (values) ng mga sinaunang Pilipino.

Dula, Senakulo, Moro-moro, Sarsuwela, Tibag, Flores de Mayo, Santacruzán, Awit at Korido

Ang talahanayan 2, nagpapakita na mayaman ang Pilipinas sa iba't ibang anyo ng dula dahil sa tradisyonal na kultura at panitikan.

Talahanayan 2

Ikatlong Markahan: Aralin 3 - Dula, Senakulo, Moro-moro, Sarsuwela, Tibag, Flores de Mayo, Santacruzán, Awit at Korido

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Unang Markahan Aralin 2	Karunungan-bayan (Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain, at Kasabihan)	Pangkatang pananaliksik at pagbabasa ng mga karunungan-bayan Pinatnubayang pagbasa ng mga karunungan-bayan Pagbasa, pagsuri, at pag-uugnay ng mga karunungan-bayan sa karanasan ng mga mag-aaral	Pagsusuri sa katangian o elemento ng mga karunungan-bayan partikular na ang sukat	GI	Mayaman sa integrasyon ng literasi sa pamamagitan ng pagbabasa at panunuri ng mga karunungan-bayan Mayroon paglalapat ng numerasiya dahil sa kalikasang patula ng mga karunungan-bayan kung saan nagtataglay ng sukat o ang bilang ng pantig sa bawat taludtod

Pakahulugan:

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Binigyang-pansin ang pagtuklas sa pagsusuri at konteksto na dulang pangkultural tulad ng Senakulo, Moro-moro, at Sarsuwela. Sa anyo naman ng pagdiriwang, Tibag, Flores de Mayo, at Santacruzán, maging ang tulang pasalaysay na Awit at Korido. Naiuugnay sa kontekstong ito ang kasaysayan at kultural na paniniwala ng Pilipinas kabilang ang pagsusuri ng sukat para sa Awit at Korido. Pangunahin ang kultural na anyo ng sining na layuning mahasa ang kasanayan sa pagbasa at kritikal na pag-unawa ng panitikan. Nakatuon ang literasi sa pag-unawa at panunuri sa mga tradisyonal na dula at tulang pasalaysay. Samantala, ang numerasiya ay nakapaloob sa pagsusuri ng sukat ng Awit na may labindalawang (12) pantig at Korido na may walong (8) pantig. Ang literasi na nakatuon sa malalim na pag-unawa at pagsusuri ng sining at panitikan ng bansa. Sa pamamagitan ng kasanayan sa pagbabasa, ang mga mag-aaral

na tinuturuang palawakin ang pagninilay batay sa kritikal at komprehensibong pag-unawa sa iba't ibang anyo ng dula na nagpapakita ng estruktura at simbolismo ng bawat akda. Binigyang pansin ang pagpapalalim ng wika bagaman sa numerasiya na nakatuon sa sukat ng Awit at Korido bilang mga uri ng tulang tuluyan. Nakasaad sa Content Analysis Matrix na *“Tumutugon sa pagpapaunlad ng literasi ang pag-unawa at panunuri ng panitikan sapagkat kinapapalooban ito ng kritikal na pagbasa”*, at ang numerasiya na naitala lamang sa elementong panukat ng mga taludtod ng tula. Samakatuwid, ang mga dulang ito na sanligan upang mas mapalalim ang pag-unawa sa nilalaman at balangkas ng dula at tulang pasalaysay. Itinalaga ito bilang Ganap na Integrasyon (GI). Bagaman may numerasiya, limitado lamang ito sa aspektong teknikal na sukat. Ang literasi na mas malawak dahil sumasakop ito sa kasaysayan, pananampalataya, at simbolismo ng mga dula.

Ang iba't ibang anyo ng dula ay sumasagisag sa pananampalataya at mga pagpapahalagang Pilipino, na maaaring maiugnay sa pagtuturo ng wika at panitikan. Napapanatili sa pamamagitan nito ang tradisyonal na paniniwala. Ang Senakulo ang paggunita sa muling pagkabuhay ni Hesus, isinasagawa ito ang upang palalimin ang pananampalataya ng mga Pilipino at paraan ng debosyon batay sa pagsasakripisyo na ginawa ni Hesus sa sangkatauhan. Upang makita ang sining at kultura ng mga Pilipino na isinasagawa ang Moromoro kung saan ipinapakita ang paglalabanan ng mga Kristiyanismo at Muslim sa panahon ng Espanya na nagpapakita ng pag-ibig, pananampalataya, at pag-ibig. Ang Sarsuwela naman tumatalakay sa Awitin, sayawan, at diyalogo na tumatalakay sa isyung panlipunan na nagpapakita ng nasyonalismo na tumataliwas sa kolonyalismo. Ang Tibag at Santacruzang naman na ang paggunita sa paghahanap ni Sta. Elena sa Krus ni Hesus na nagpapakita ng pananampalataya at debosyon. Upang sanayin ang kabataan sa pananampalataya at kagandahang-asal na isinasagawa ng Flores de Mayo na kung saan nag-aalay ng bulaklak kay Birheng Maria.

Samantala ang Awit at Korido na tulang pasalaysay na nagpapakita ng mga paksang kabayanihan, pag-ibig, at pakikipagsapalaran. Ang Awit na binubuo ng labingdalwang pantig sa bawat taludtod na ang halimbawa ng Florante at Laura, ang Korido naman na mayroong walong pantig sa bawat taludtod at ang halimbawa nito ang Ibong Adarna. Ang pagkakaiba sa bilang ng pantig sa Awit at Korido ay nagpapakita ng isang matematikal na kaayusan na nagtatakda ng bilis ng pagbigkas, tulad ng Andante at Allegro. Ipinapakita rin nito na ang estruktura ng tula ay may lohikal na batayang matematikal na nakaaapekto sa emosyonal na paghahatid ng akda.

Sa MATATAG Kurikulum, ang pagtuturo ng dula ay nagsisilbing paraan ng pagbabalik-tanaw sa kasaysayan. Ang limitadong integrasyon ng numerasiya ay nagpapahiwatig na ang disenyo ng kurikulum sa bahaging ito ay higit na nakatuon sa pagbibigay-kahulugan at pagpapahalaga sa sining kaysa sa purong kompyutasyonal na Gawain. Sang-ayon pa rin sa pag-aaral ni Eslit (2023), ukol sa Resilience of Philippine Folklore: An Enduring Heritage and Legacy for the 21st Century, binigyang-diin na may malaking papel ang Pilipinas sa mga karunungan-bayan katulad ng dula at tulang pasalaysay (Awit at Korido) sa pagpapalalim ng kamalayan sa kultura at kasaysayan ng bansa. Nagsisilbing identidad ng nagsisilbing identidad ng pagkakakilanlan bilang isang Pilipino sa bawat bansa at sa mga susunod na salinlahi.

Sa konteksto ng pananaliksik, may mahalagang gampanin at tungkulin ang larangan ng edukasyon sa pagpapaunlad at pagpapayaman ng kultura ng bansa. Sa pagsasanib ng wika at panitikan, maaaring mas maunawaan ng bawat mag-aaral ang kabuong konsepto ng gramatika sa pamamagitan ng integrasyon ng pagtuturo gamit ang wika. Ang pagtuturo katulad ng iba't ibang anyo ng dula maging ang mga tulang pasalaysay tulad ng Awit at Korido na magsisilbing pambansang identidad. Samakatuwid, upang mapayabong ang mga kasanayan sa konteksto ng literasi na maaaring magsagawa ng isang pagtatanghal ng iba't ibang anyo ng dula maliban sa normal na pagsusuri at pagbabasa. Malaki ang gampanin ng teknolohiya sa pagpapadali ng transpormasyon ng ideya ng mag-aaral patungo sa ibang indibidwal sa pamamagitan ng panonood. Sa pamamagitan ng pagsusuri, kinakailangang malayang suriin ng mga mag-aaral ang estruktura ng Awit at Korido bilang mga tulang pasalaysay. Maaaring gumamit ng multidimensyonal na pagtuturo sa pamamagitan ng pag-uugnay ng isang konteksto sa iba't ibang aspekto ng pagkatuto. Iminumungkahi ang paggamit ng *timeline* bilang anyo ng numerasiya upang maipakita ang ebolusyon ng mga dula mula panahon ng Kastila hanggang sa kasalukuyan, na nag-uugnay sa mga konsepto ng panahon at kasaysayan.

Mga Awit ng Rebolusyon laban sa mga Kastila at iba pa

Ang Talahanayan 3, nagpapakita na sinakop ang Pilipinas ng iba't ibang mga dayuhan katulad ng

mga Kastila, Hapon, at mga Amerikano. Ito ay tumatalakay sa kolonyalismo bilang daan tungo sa rebolusyonaryong kamalayan at nagbubukas ng oportunidad para sa pagkilala at pagsusuri sa mga liriko batay sa mga tinig na nagnanais ng kalayaan.

Talahanayan 3

Ikatlong Markahan: Aralin 4 - Mga Awit ng rebolusyon laban sa mga Kastila at iba pa.

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikatlong Markahan Aralin 4	Mga Awit ng rebolusyon laban sa mga Kastila at iba pa	Pagkilatis at pagbibigay-puna sa liriko ng Awit at mga piling saknong ng tula	Wala	BI	Tanging sa integrasyon ng literasi ang napalitaw sa aralin sapagkat nagpokus sa malalim na pag-unawa sa mga itinampok na panitikan Walang integrasyon ng numerasiya

Pakahulugan:

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Ipinapakita ng Awit ang pagsusuri sa tula sa bawat saknong na ginamit noong himagsikan upang bigyang-kahulugan ang mga simbolismo at pangingibabaw na kahulugan sa bawat akda. Sa konteksto ng pagiging makabayan ng mga akda, mas napalalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pinagmulan ng kultura at kasaysayan ng bansa. Ang literasi ay nakapokus sa pagkilatis at pagbibigay-puna sa mga liriko ng Awit at sa mga piling saknong ng tula. Gayunpaman, walang naitalang integrasyon ng numerasiya sa araling ito. Nakatuon sa bahaging pagpapaunlad ng literasi sa pamamagitan ng paksang pangkasaysayan. Ayon sa matrix, “*Tanging sa integrasyon ng literasi ang napalitaw sa aralin sapagkat nagpokus sa malalim na pag-unawa sa mga itinampok na panitikan*” malinaw binigyang-diin ang mga nabanggit na gawain na nakapokus lamang sa mag-aaral na kumilala sa simbolismo at talinghagang nakapaloob sa mga Awit. Sa pamamagitan ng kasaysayan na maaaring mas mapalalim ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at kritikal na pag-unawa sa pamamagitan ng pagbibigay simbolismo. Bahagyang Integrasyon (BI) ang aralin. Tanging literasi ang lumitaw dahil nakatuon sa malalim na pag-unawa batay sa damdaming makabayan at simbolismo ng himagsikan.

Ang mga awiting pangrebolusyonaryo na nagbukas ng pinto upang maisapuso ang pagkamakabayan ng bawat mamamayang Pilipino ang nag-udyok na ilaban ang kalayaan at karapatan laban sa mga manlulupig lalo sa panahon ng mga Kastila. Ang mga awiting ito na naglalaman ng mga mensahe, inspirasyon, at pagmamahal na alay sa inang bayan. Ang mga Awit tulad ng “Bayan Ko” na isinulat ni Jose Coorazon De Jesus noong 1929 na sumasaklaw sa kilos-protesta laban sa Batas Militar, mayroong nakatagong mensahe sa mga Awiting “Sa Iyo ang Dahil” at “Ang Mga Martir” na pumapaksa naman kay Rizal at Tatlong paring martir noong 1897.

Gayunpaman, ang mga pag-aaral na ito ukol sa mga Awiting may kinalaman sa rebolusyonaryo at kolonyalismo na nagdudulot ng pagkilala sa kasaysayan na makikita at mapag-aaralan sa mga akdang pampanitikan ng bansa na itinuturo hanggang sa ngayon batay sa sistema ng edukasyon at kurikulum. Ang kawalan ng numerasiya na nagpapahiwatig sa mga paksang may mataas na emosyonal at historikal na timbang, ang teknikal na pagsusuri tulad ng pagbilang na maaaring makagambala sa pagbuo ng koneksiyon ng mag-aaral sa diwa ng rebolusyon.

Ang MATATAG Kurikulum na naglalayong bumuo ng "Batang Makabansa." Nakatuon sa literasi ang araling ito na sinasadya upang matiyak na makabubuo ang mga mag-aaral ng matibay na paninindigan at pag-unawa sa kasarinlan, hindi laging nangangailangan ng numerikal na datos. Sinuportahan ito sa pag-aaral ni Abella at Sepada (2023), ukol sa *Enhancing Children's Literacy through Music: Exploring the Impact and Strategies for Integration*. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa integrasyon ng musika sa pagtuturo ng literasi na may malaking tulong sa ponolohikal na kamalayan, kasanayan sa pagbasa, pagbuo ng mga bokabularyo, at motibasyon. Nagsilbing kasangkapan ang mga awiting ito upang mapanatili ang impormasyon kung saan inilalahad sa paraang musika. Ang music-based literacy na nagtataguyod ng emosyonal na koneksiyon sa panitikan na nagiging dahilan upang maging kawili-wili at makabuluhan ang paraan ng pagbabasa. Samakatuwid, ang Awiting rebolusyonaryo na kasangkapan ng edukasyon upang mas mapaunlad ng kritikal na pag-unawa at paraan ng pagbasa.

Maaaring isama ang numerasiya sa pamamagitan ng pagsusuri sa bilang ng mga saknong o paghahambing ng haba ng mga Awit ng rebolusyon upang makita kung paano nagbago ang paraan ng pagpapahayag ng galit o pag-asa sa paglipas ng panahon. Hikayatin ang mga mag-aaral na magsagawa ng sabayang pagbigkas at pag-Awit sa mga piling saknong ng Awiting rebolusyonaryo upang mararamdaman ang ritmo at damdaming nananaig sa Awitin.

Para maging malikhain, maaaring gumamit ng audio-visual na kasangkapan tulad ng video at recording. Magsagawa ng mga pagsasalin na nasa modernong anyo upang matugunan ang malikhaing imahinasyon ng mga mag-aaral. Bagaman, hindi binigyang-diin ang pag-aaral na ito tungkol sa numerasiya na maaaring magsagawa ng mga gawin tulad ng pagbilang ng pantig sa bawat saknong na mayroon ang mga Awitin.

Ibong Adarna Saknong 1-6

Ang talahanayan 4, inilalahad ang nilalaman ng Ikaapat na Markahan: Aralin 1 - Ibong Adarna Saknong 1-6. Ipinakita sa araling ito ang Ibong Adarna bilang isang uri ng Korido sa panitikan ng Filipino. Tinatalakay sa pag-aaral ang unang anim ng saknong sa akda. Binigyang-diin dito ang pagsasanay sa bokabularyo at konteksto na kung saan na ipinakilala ang mga tauhan at ilang piling mahahalagang salita.

Nakapaloob ang pagtuturo ng malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna kasabay ng pagsulat ng kanilang pagninilay(reflection writing) matapos ang aralin. Layunin ng aralin na mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri sa wika at simbolismo, gayundin ang paglinang ng personal na kaisipan batay sa mga aral na nakapaloob sa kuwento. Nakatuon ang aralin sa pagsasanay sa bokabularyo, pag-unawa sa mga piling saknong, at pagsulat ng pagninilay (reflection writing).

Talahanayan 4

Ikaapat na Markahan: Aralin 1 - Ibong Adarna Saknong 1-6

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikaapat na Markahan Aralin 1	Ibong Adarna Saknong 1-6	Pagsasanay sa bokabularyo at konteksto Malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna Pagsulat ng naging pagninilay	Wala	BI	Literasi lamang ang nagkaroon ng integrasyon sa araling ito. Nakapokus ang mga gawain sa mga paunang kaalaman sa Ibong Adarna at sa pag-aaral ng mga unang piling saknong nito. Nalilinig ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, panunuri, pagsulat, at pagninilay. Walang integrasyon ng numerasiya.

Pakahulugan

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Lumabas sa pagsusuri na walang integrasyon ng numerasiya. Bagaman sa matrix, sinasabi na *“Literasi lamang ang nagkaroon ng integrasyon sa araling ito. Nakapokus ang mga gawain sa mga paunang kaalaman sa Ibong Adarna at sa pag-aaral ng mga unang piling saknong nito. Hinahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, panunuri, pagsulat, at pagninilay”* nangangahulugan lamang ito na literasi lamang na kasanayan ang pokus sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga salita o talasalitaanang nakalagay sa bawat saknong ng aralin at pagninilay sa konteksto batay sa nilalaman. Batay sa pagsusuri na ito bilang Bahagyang Integrasyon (BI). Ang mga gawain na nakasentro sa pagbuo ng pundasyon sa pag-unawa sa kuwento at pagpapalawak ng talasalitaan.

Dahil ito ang panimulang bahagi ng Ibong Adarna, ang prayoridad na ang "engagement" o pagkuha ng interes ng mag-aaral sa pamamagitan ng literasi. Ang pagpapakilala sa mga tauhan at tagpuan ay nangangailangan ng imahinasyon at nalilinig sa wika. Ang Ibong Adarna ay mahalagang kuwentong Pilipino na nagtatampok ng mga aral tungkol sa sakripisyo, katapatan, pagpapatawad, pakikipagsapalaran, at pag-ibig. Nagbibigay-diin sa pagtuturo ng kagandahang-asal at mapalalim ang kamalayan sa kulturang kinagisnang pamana ng kasaysayan sa kasalukuyan. Ang integrasyon ng wika sa pagtuturo ng panitikan na may malaking ambag kung paano nabibigyang kahulugan ang mga simbolong nakatago sa likod ng mga kahulugan ng mga salita.

Ang disenyo ng MATATAG Kurikulum bilang "decongested," ibig sabihin, hindi pinipilit ang lahat ng kasanayan sa bawat aralin. Ang pagtutok sa literasi upang matiyak na may sapat na komprehensiyon ang mga mag-aaral sa pagbasa bago pumasok sa mas teknikal na aspekto ng Korido. Sang-ayon pa rin sa pag-aaral ni Eslit (2023), ang mga katutubong panitikan ng Pilipinas na nagsisilbing inspirasyon at pundasyon sa pagpapanatili sa kasalukuyan. Naglalarawan ang Ibong Adarna katangian at pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan na sumasalamin sa karanasan ng mga Pilipino. Bagaman ang Ibong Adarna na may impluwensiya na mula sa mga Espanyol, ito ang naging tulay at simula ng pagyabong ng mga katutubong panitikan. Sa pag-aaral, binibigyang-pansin ang pagsasagawa ng integrasyon sa pagtuturo ng katutubong pampanitikan katulad ng Ibong Adarna upang mapaigting ang kasanayang pangwika at pagkakakilanlan.

Maaaring isama ang numerasiya sa pamamagitan ng pagpapabilang ng mga katangiang binanggit sa panalangin ng may-akda sa Birheng Maria upang makita ang "pattern" ng pagpapakumbaba sa panitikan. Maaaring maging kasangkapan makabagong teknolohiya upang mas maging makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto sa Ibong Adarna sa pamamagitan ng pagpapanood ng mga *educational clip*. Maaaring maging malikhain sa pamamagitan ng paglalapat ng tono at ritmo sa ilang piling mga saknong, pagbuo ng sanaysay bilang replektibong gawain sa pagkatuto.

Ibong Adarna, Saknong 7–215

Ang talahanayan 5, na tumatalakay sa Aralin 2: Ibong Adarna, Saknong 7–215. Ipinapakita sa araling ito ang pakikinig at pagsagot sa mga gabay na katanungan, na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna, at pagsulat ng sariling tula na walong pantig sa bawat taludtod. Ang mga kasanayan sa pagsulat gamit ang pagsulat ng sariling tula na may wawaluhing suka bilang isang mahalagang katangian ng Korido. Malalim. Bahagyang Integrasyon (BI) ngunit may malakas na potensiyal para sa Ganap na Integrasyon (GI). Ang pagsulat ng tula na may sukat na isang direktang aplikasyon ng numerasiya sa loob ng sining ng wika. Nagpapakita ng pagkakatulad ang bahaging ito ng numerasiya at literasi. Sa literasi nagbibigay ng kahulugan ng diyologo at pag-unawa sa katauhan ng bawat karakter.

Talahanayan 5
Ikaapat na Markahan – Aralin 2: Ibong Adarna, Saknong 7–215

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikaapat na Markahan Aralin 2	Ibong Adarna Saknong 7-215	Pakikinig at pagsagot sa mga gabay na katanungan Malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna Pagsulat ng sariling tula	Pagsulat ng sariling tulang may wawaluhing sukat	BI	Makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagbasa, at pagsulat ang nabigyang tuon sa araling ito sa pamamagitan ng malalim na pag-aaral sa piling saknong ng Ibong Adarna. Dahil dito, napagtuunan ang literasi. Nagkaroon ng integrasyon ang numerasiya sa bahagi ng pagsulat ng tula sapagkat naisaalang-alang ang pagkakaroon ng wawaluhing sukat.

Pakahulugan

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Samantala, sa numerasiya nakapaloob ang pagbuo ng tula na mayroong sukat na wawaluhin ang pantig na binigyang diin sa Content Analysis Matrix, ang “*Makrong kasanayang pakikinig, pagbasa, at pagsulat ang nabigyang tuon sa araling ito*”, at “*Nagkaroon ng integrasyon ang numerasiya sa bahagi ng pagsulat ng tula sapagkat naisaalang-alang ang pagkakaroon ng wawaluhing sukat*”. Samakatuwid, tumutukoy ito sa pagbuo ng estruktura ng tula bilang disiplina

Pinatutunayan na ang pagbuo ng tulang may sukat ay hindi lamang nakatuon sa mga bilang sa matematika o numerasiya bagkus sa disiplina, estruktura, at limitasyon na nagpapaganda sa isang likhang-sining. Ang pagsasanib ng Awit at tula bilang isang sining at disiplina na nagdudulot ng artistikong motibasyon at pag-unawa ng isang bata upang mahikayat ang pagbabasa at pag-unawa sa konteksto ng paksa. Samakatuwid, daan ang tula upang maging makabuluhan at malikhain ang pagtuturo ng wika at panitikan.

Sinusuportahan nito ang layunin ng MATATAG Kurikulum, na linangin ang higher-order thinking skills (HOTS). Ang pagpili ng tamang salita (literasi) na pasok sa walong pantig (numerasiya) na nangangailangan ng mataas na antas ng kritikal na pag-iisip. Sang-ayon pa rin sa pag-aaral ni Abella et al. (2023), sa pamamagitan ng sining, mas magiging kawili-wili at interaktibo ang pagtuturo na mayroong integrasyon ng musika gamit ang tula na lalapatan lamang ng liriko, isinasaalang-alang din dito ang ponolohikal na kamalayan maging ang bokabularyo. Samatuwid, ang pagbuo ng mga tulang mayroong sukat ang binibigyang buhay sa pamamagitan ng integrasyon ng musika na nagiging instrumento sa pagkatuto. Pinapahalagahan ng pag-aaral ang sining ng numero bilang kasangkapan sa pagkatuto ng wika. Sa pag-aaral naman nina Kilag et al. (2023), binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng maagap at personalisadong interbensyon sa pamamagitan ng Response to Intervention (RTI) at de-kalidad na programang pre-school bilang susi sa pagpigil sa pangmatagalang suliranin sa pagbasa. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na sa pamamagitan ng indibidwalisadong pantulong/pansuportang pagtuturo at inobatibong estratehiya, nagiging posible ang pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa at pagbubukas ng higit na oportunidad para sa mas maliwanag na kinabukasan ng mga mag-aaral na layunin naman ng kasalukuyang pananaliksik.

Maaaring gumamit ng mga digital tools o apps na nagbibilang ng pantig upang maging mas interaktibo ang pagbuo ng tula para sa mga mag-aaral. Upang pukawin ang interes ng mag-aaral, maaaring pagsamahin ang sining at tula para sa mas malikhaing pagtuturo. Maaaring magdaos ng mga patimpalak pangklase na magsisilbing-aliw at kasiyahan. Maaaring gumawa ng interdisiplinaryong gawain na nagpapakita ng koneksiyon ng sukat sa asignaturang matematika, hindi lamang sa nilalaman ang tuon ngunit tinuturuan ding bumuo ng estruktura, sukat, tugman, maging ang porma upang paunlarin ang malikhaing pag-iisip.

Ibong Adarna, Saknong 216–442

Ang talahanayan 6, tungkol sa Ikaapat Markahan – Aralin 3: Ibong Adarna, Saknong 216–442. Nakapokus ang bahaging ito sa bokabularyo o talasalitaan, malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna, at integrasyon ng pakikinig at pag-uugnay sa Ibong Adarna. Muling nakatuon lamang sa literasi sapagkat tanging talasalitaan, pagbasa, panunuri, at panonood ang nagkaroon ng pagsasanay na tumutugon sa literasi at walang integrasyon ng numerasiya. Sa araling ito na nahaharap ang pangunahing tauhan sa mga pagsubok na mayroon sa kaniyang paligid habang naglalakbay na naiaangkop sa kasalukuyan bilang mga panlipunang dimensyon. Halimbawa nito ang pakikipagsapalaran sa hamon ng paglalakbay at mga isyung hindi lamang sa sarili kung hindi maging sa pamilya at lipunan.

Talahanayan 6
Ikaapat na Markahan – Aralin 3: Ibong Adarna, Saknong 216–442

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikaapat na Markahan Aralin 3	Ibong Adarna Saknong 216-442	Pagsasanay sa bokabularyo o talasalitaan Malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna Integrasyon ng pakikinig at pag-uugnay sa Ibong Adarna	Wala	BI	Muling nakatuon lamang sa literasi sapagkat tanging talasalitaan, pagbasa, panunuri, at panonood ang nagkaroon ng pagsasanay na tumutugon lamang sa literasi. Walang integrasyon ng numerasiya.

Pakahulugan:

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Sa pagtuturo nito, kailangang magsagawa ng pagbabasa sa mga gawain maging ang pagtukoy sa simbolismo, tema, at pag-uugnay sa mga isyung panlipunan tulad ng diaspora, migrasyon, at pagkakakilanlan. Ito ang magpapalawak sa mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga akdang pampanitikan bilang salamin ng realidad ng lipunan. Nakatuon sa pagsasanay sa bokabularyo, malalim na panunuri, at pag-uugnay ng mga pagsubok ni Don Juan sa totoong buhay. Walang integration numerasiya ang lumabas

sa pagsusuri.

Itinalaga bilang Bahagyang Integrasyon (BI). Ang "Social-Emotional Learning" at pag-unawa sa mga isyung panlipunan ang binigyang-tuon tulad ng diaspora at migrasyon sa pamamagitan ng literasi. Muling nakasentro lamang sa literasi sapagkat tanging talasalitaan, pagbasa, panunuri, at panonood ang nagkaroon ng pagsasanay na tumutugon lamang sa literasi. Ang mga mag-aaral na kailangang magbasa ng akda upang maunawaan ang konteksto, matukoy ang tema at simbolismo batay sa mga katangian na ipinapakita sa mga tauhan sa akda. Subalit, kung susumahin lumalabas na bahagyang integrasyon lamang ang bahaging ito dahil sa kakulangan ng integrasyon ng numerasiya sa paksa dahil hindi sistematiko ang paggamit ng bilang, pantig, sukat, pattern o ritmo. Malakas ang integrasyon ng literasi ngunit hindi ganap sa aspekto ng numerasiya.

May malaking epekto ang wika sa kamalayan ng isang lipunan. Ito ang identidad at kaluluwa ng bawat bansa. Sa konteksto ng pag-aaral, ang karanasan ng mga mag-aaral na may malaking kapakinabangan upang maging tulay at maiugnay ang mga ito sa kuwento. Ang Ibong Adarna na nagtuturo ng pag-unawa sa mga isyung panlipunan na maipapakita sa panlipunang Pilipino. Nailantad ang konsepto ng diaspora bagaman hindi tuwiran o direktang ipinakita sa akda. Ngunit sa pamamagitan ng mapanuring pagbabasa mauunawaan ang kabuoang konsepto ng akda batay sa pagsasanib ng wika at panitikan. Ang mga pagsubok sa buhay na mas madaling maipaliwanag sa pamamagitan ng naratibo at karanasan. Ang literasi na nagsisilbing tulay upang maunawaan ng mag-aaral ang realidad ng lipunan na kinakatawan ng mga saknong.

Ang MATATAG Kurikulum na nagbibigay-diin sa "context-based instruction." Ang pag-uugnay sa mga isyung panlipunan na nangangailangan ng malalim na literasi upang maipahayag ang mga komplikadong emosyon at sitwasyon na hindi kayang ibigay ng purong numero. Nagbigay ito ng iba't ibang dimensiyon at katangian ng diaspora; Dispersiyon mula sa tinubuang-bayan, proseso ng diasporisasyon, patuloy na ugnayan sa tinubuang-bayan, ideal na pagbabalik, at kamalayang pangkasama. Ang mga dimensyong ito na nagbigay ng paglalarawan sa kontekstong dinaranas ng mga Pilipino sa paglisan sa tinubuang lupa. Sang-ayon sa pag-aaral, ang literasiya hindi lamang nakapokus sa mga kasanayan kung hindi maging sa kung papaano nagbibigay ng mas malawak na tekstuwal at kultural na pagbabago. Ang akdang Ibong Adarna na anyo ng karunungan-bayan, sa pamamagitan ng pagkonekta ng paksa sa diaspora tulad ng kalagayan ng mga Pilipino sa ibang bansa. Ang literasi na isang paraan ng pag-unawa hindi lang ng isang salita ngunit pati na rin sa lipunan at kultura. Maaaring isama ang numerasiya sa pamamagitan ng paggawa ng map scaling o pagtantiya ng distansiya ng paglalakbay ni Don Juan upang magkaroon ng ideya ang mga mag-aaral sa hirap ng kaniyang pakikipagsapalaran.

Maaaring magsagawa ng isang shadow play sa mga mag-aaral na nagpapakita ng isang karanasan ukol sa kalagayan ng mga Pilipinong nakikipagsapalaran sa iba't ibang bansa. Sa pamamagitan nito, nagbibigay ito ng mas malawak na pagtingin at pagkatuto. Maaari din na imbitahan ang mga guro at kapuwa mag-aaral na magbigay ng puna sa paglalahad upang mas maging mahusay sa mga susunod at makabuo ng kontekstong panlahi sa pagkatuto.

Ibong Adarna, Saknong 443–729

Ipinapakita sa bahaging ito ang Talahanayan 7 na tungkol sa Aralin 4: Ibong Adarna, Saknong 443–729. Nakapokus sa pagsasanay sa bokabularyo o talasalitaan, muling pagsasalaysay ng binasang Korido, malalim na pag-unawa at ang aralin na nakapokus lamang sa literasi, batay sa matrix, "*Nabigyang tuon ang*

makrong kasanayang pagbasa, pagsulat, at pagsasalita”. Ang mga mag-aaral na nagsusulat ng isang malikhaing babala upang makabuo ng isang organisadong teksto. Sa pamamagitan ng akdang pampanitikan na katulad ng ibong Adarna, nabibigyang ng mas malalim na nabibigyang impresyon at pag-unawa ang mga usaping may kinalaman sa kasarian at kaunlaran. Nakatuon ang mga huling bahagi ng Ibong Adarn sa resolusyon ng mga tunggalian, pag-unawa sa mga talinghaga, at pagbuo ng mga pagninilay. Sa mga araling ito, madalas na literasi lamang ang nangingibabaw.

Nanatiling Bahagyang Integrasyon (BI) ang karamihan sa mga araling ito, madalas nawawala ang numerasiya habang tumatagal sa pagtalakay ng mahabang Korido dahil lumilipat ang pokus sa pagtatapos ng kuwento. Sa aralin, ipinapakita ang kabuoang pag-unawa sa usaping may kinalaman sa isyung panlipunan tulad ng mga usaping pangkasarian. Sa konteksto ng Ibong Adarna, binigyang tuon ang kalagayan ng mga tauhang babae tulad ng Reyna at Prinsesa na nagpapakita ng kakatagan at pag-asa. Sa paraang pasulat na nakabubuo ng mga babala tungkol sa pagkakapantay-pantay ng bawat kasarian sa lipunan.

Ang pagtutok sa literasi sa dulo ng kurso upang matiyak na nakabuo ng sapat na mga moral na aral mula sa akda ang mga mag-aaral. Mahalaga ang tungkuling ginagampanan ng edukasyon upang mabigyan ng sapat na kaalaman ang bawat mag- aaral ukol sa mga pagbabago sa lipunan higit lalo sa usapin sa kasarian.

Talahanayan 7

Aralin 4: Ibong Adarna, Saknong 443–729

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikaapat na Markahan Aralin 4	Ibong Adarna Saknong 443-729	Pagsasanay sa bokabularyo o talasalitaan	Wala	BI	Nabigyang tuon ang makrong kasanayang pagbasa, pagsulat, at pagsasalita na nakatuon sa literasi. Idagdag pa ang pagsasanay sa pag-unawa at pagsusuri ng nilalaman ng akda.
		Muling pagsasalaysay ng binasang Korido			
		Malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna			
		Malikhaing pagsulat ng babala			Walang integrasyon ng numerasiya.
		Pagsasanay sa pagpapahayag tungkol sa usapin ng kasarian at kaunlaran			

Pakahulugan

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Bunsod nito, mas mapapaigting ang pagrespeto sa kapuwa. Maaalis ang mentalidad tungkol sa kawalan ng katarungan at hindi pantay na pagtingin sa bawat kasarian lalo na sa kababaihan. Ang integrasyon ng literasi tulad ng panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna, malikhaing pagsulat ng babala, at pagsasanay sa pagpapahayag tungkol sa usapin ng kasarian at kaunlaran na nagpapalawak ng pagkatuto ang mga mag-aaral.

Ang disenyo ng MATATAG Kurikulum na naglalayong bawasan ang sobrang dami ng nilalaman sa kurikulum sa pamamagitan ng pagbibigay-tuon sa mga mahahalagang kompetensi at paglinang ng mas malalim na pagtuturo lalo na kung lalapatan ang bawat ng saknong ng numerasiya, nagiging mas malalim at sistematiko ang paggawa ng teksto.

Kung ang bawat saknong na lalapatan ng numerasiya, maaaring hindi matapos ang kurikulum sa itinakdang oras. Samantala, ang pagpili sa literasi na isang sistematikong desisyon, pahalagahan ang malalim na pagkatuto kaysa sa malawak na saklaw. Ayon sa pag-aaral ni Emfimo et al. (2024), may malaking gampanin ang inklusibong edukasyon sa pagtataguyod ng kasarian at kaunlaran sa kurikulum. Sa konteksto ng aralin sa pagtuturo ng Ibong Adarna, nagpapakita ito ng isang malalimang pag-unawa sa konsepto ng tungkuling ginagampanan ng kababaihan sa lipunang ginagalawan nito. Maaalis ang nakasanayang mentalidad na mahihina at hindi kayang makipagsabayan ang kababaihan sa kalalakihan. Ang araling ito ang magbubunsod ng pagbuo ng babala gamit ang wika upang mapatunayang kayang makipagsabayan sa anumang gawain ang kababaihan sa kalalakihan.

Samakatuwid, maaaring gumamit ng mga storyboard upang mailarawan at maipakita ang kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan sa kasalukuyan. Maaari din ng magkaroon ng isang debate o pagtatalo sa pamamagitan ng palitan ng mga opinyon at ideya batay sa kung paano sila mangangatwiran. Sa pamamagitan nito, napapalawak ang pagtingin sa kalagayan ng kababaihan sa lipunang kinabibilangan. Maaari ring magsagawa ng proyektong estadistikal na sumusuri sa mga karakter, tulad ng bilang ng pagtataksil ng mga kapatid at pagpapatawad ni Don Juan, bilang huling integrasyon ng numerasiya bago matapos ang markahan.

Ibong Adarna, Saknong 730–1006

Ang talahanayan 8, nagpapakita tungkol sa Aralin 5: *Ibong Adarna*, Saknong 730–1006. Nakapokus ang bahaging ito sa malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna at pagsulat ng tula tungkol sa kababaihan na may sukat, tugma, at tayutay. Ang mga nasabing gawaing pagsusuri sa aspekto ng literasi at pagbuo ng tula sa pamamagitan ng pattern recognition at pagbilang ng tamang sukat.

Batay sa datos, mayroong presensiya ang literasi sa lahat ng markahan. Gayunpaman, pagdating sa numerasiya, makikita ang malaking kakulangan. Sa Unang Markahan (Linggo 1-6), tanging ang mga paksa sa Karunungan-Bayan at Tekstong Impormatibo ang may bahagyang nabanggit, ngunit sa kabuoan, ang mga halimbawang aralin ay hindi nagpapakita ng tahasang (*explicit*) integrasyon ng numerasiya.

Ipinakikita ng talahanayan ang integrasyon ng literasi at numerasiya. Batay sa matrix, *Parehong nagkaroon ng integrasyon ang literasi at numerasiya. Nakapokus sa pagbasa, pag-unawa, at pagsulat ang pagsasanay sa literasi. Kinapalooban naman ng pagpapalitan ng sukat ng tula ang integrasyon ng numerasiya.* Samakatuwid, ang pagsasanib ng malikhain at lohikal na pag-iisip na may malaking epekto sa konteksto ng wika at panitikan. Sa pagbuo ng tula, ang mga mag-aaral na tinuturuan ng mga simpleng paraan upang makabuo ng tamang estruktura tulad ng pagbibilang ng saknong at taludtod, maging sukat at pagpapatig nito. Bukod sa nakabubuo ito na sinasabayan pa ng wastong sukat at bilang na kailangan isaalang-alang ng bawat mag-aaral. Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang kasalukuyang kagamitang pampagtuturo na ginamit sa pag-aaral ay nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayang pangwika (literasi) ngunit nakaligtan ang potensiyal ng numerasiya.

Talahanayan 8
Aralin 5: Ibong Adarna, Saknong 730-1006

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikaapat na Markahan Aralin 5	Ibong Adarna Saknong 730-1006	Malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna Pagsulat ng tula tungkol sa kababaihan na may sukat, tugma, at tayutay	Pagbilang ng pantig at <i>pattern recognition</i> Pagbibigay tuon sa sukat ng isusulat na tula	GI	Parehong nagkaroon ng integrasyon ang literasi at numerasiya. Nakapokus sa pagbasa, pag-unawa, at pagsulat ang pagsasanay sa literasi. Kinapalooban naman ng pagpapalitaw ng sukat ng tula ang integrasyon ng numerasiya.

Pakahulugan

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Ipinapakita nito ang isang "gap" o puwang sa implementasyon ng holistikong kurikulum kung saan nagsasanib ang matematika at wika. Isang paraan at midyum ang pagbuo ng tula upang mailantad ang mga isyung panlipunan na mayroon ang bansa. Ang ilan sa karaniwang tema na mayroon ay ang usaping may

kinalaman sa kababaihan na may layuning itaguyod ang kasarinlan at magiging kontribusyon sa lipunang ginagalawan nito. Ang tula ang nagbibigay buhay sa kanilang kuwento upang maisiwalat sa sangkatauhan. Ang sukat ng tula na nagbibigay artistikong kontribusyon upang maipakita ang kinapapaloobang mensahe.

Sinasabi na ang pag-aaral ukol sa integrasyon ng literatura sa matematika (at vice versa) na mabisang paraan upang gawing mas makabuluhan ang pagkatuto, ngunit madalas itong hindi naisasagawa dahil sa tradisyonal na paghihiwalay ng mga asignatura. Sang-ayon pa rin sa pag-aaral ni Abella et al. (2023), ang pagtuturo ng tula bilang isang artistikong midyum na nagbibigay ng positibo na motibasyon sa bata sa kanilang pagkatuto. Samakatuwid, nagbubunsod ang pananaliksik na ito hindi lamang sa pagbuo ng tula nakapokus ang mga mag-aaral gayundin sa kung paano nila pagyayamin ang kanilang imahinasyon upang makabuo ng isang makabuluhang kuwentong magpapakita ng pantay na pagtingin sa bawat isa.

Iminumungkahi ang pagrebisa sa mga lingguhang aralin upang may maidagdag ng mga gawaing numerasiya, tulad ng pagbibilang ng pantig, pagsukat ng ritmo, o paglutas estatistika batay sa tema ng tula, upang hindi lamang literasi ang nalilining. Samakatuwid, maaaring magsagawa ng *oral presentation* sa harap ng klase bilang kanilang gawaing pagganap o *performance task* ngunit kailangan isaalang-alang ang estruktura sa pagbuo nito bago magkaroon ng presentasyon ang bawat isa. Maaaring magkaroon ng integrasyon sa ibang asignatura tulad ng araling panlipunan upang talakayin ang estado ng kababaihan sa lipunan noon at sa kasalukuyan.

Ibong Adarna, Saknong 1007–1362

Nakapaloob sa bahaging ito ang tungkol sa Aralin 6: Ibong Adarna na may Saknong 1007–1362. Nakapokus ito sa malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna at pagsusuri sa nilalaman ng akda na may kaugnayan sa mga isyung panlipunan tulad ng diaspora. Bagaman lumbas sa pagsusuri na tanging literasi lamang ang naging pokus at walang integrasyon ng numerasiya.

Sa pagsusuri, ang literasi na makikita sa pamamagitan ng pagtukoy sa mahahalagang detalye, pagsusuri ng estruktura ng teksto, at pag-unawa sa mga talinghaga. Sa kabilang banda, ang numerasiya na markadong "Wala" sa karamihan ng mga aralin, partikular sa pag-aaral ng mga tula, maliban sa ilang pagkakataong may kinalaman sa kronolohiya o pagkakasunod-sunod. Binanggit na tanging literasi lamang ang mayroon at walang integrasyon ng numerasiya. Ayon sa matrix, "*Tanging literasi ang napagtuunan sapagkat higit na binigyang diin ang pag-uugnay ng akda sa lipunan*". Ang pangunahing paksa ng bahaging ito na ang nagbibigay pagsusuri sa konteksto ng kuwento sa pamamagitan ng temang may kaugnayan sa diaspora. Sa ganitong paraan maaaring maiugnay ng mga mag-aaral ang aralin lalo na sa mga isyung panlipunan. Sa ganitong paraan, ang pagsusuri ay nagbibigay ng lohikal na pag-iisip bilang pangunahing kasangkapan upang makapagbigay ng paghuhusga ang mag-aaral, dahilan upang mas mahasa ang kanilang mga kasanayan. Higit pa rito, napalalalim din nito ang kanilang kakayahang magsuri ng impormasyon at makabuo ng makabuluhang disposisyon lalo na sa iba't ibang sitwasyon.

Nangangahulugan na ang pagtuturo ng tula sa Unang Markahan ay nasa antas pa rin ng pag-unawang literal at kritikal na pagsusuri ng nilalaman.

Talahanayan 9
Aralin 6: Ibong Adarna, Saknong 1007-1362

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikaapat na Markahan Aralin 6	Ibong Adarna Saknong 1007 – 1362	Malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng Ibong Adarna Pagsusuri sa nilalaman ng akda na may kaugnayan sa mga isyung panlipunan tulad ng diaspora	Wala	BI	Tanging literasi ang napagtuunan sapagkat higit na binigyang diin ang pag-uugnay ng akda sa lipunan. Walang integasyon ng numerasiya.

Pakahulugan

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Ang kawalan ng numerasiya ay nagpapakita na ang mga guro at tagadisenyo ng kurikulum na maaaring nahihirapan kung paano hinahabi ang konsepto ng bilang sa mga akdang pampanitikan gaya ng Ibong Adarna. Nagpapakita ang ilan sa bahagi ng kuwentong may karanasan ng mga tauhan batay sa paghihirap na pinagdaanan nito sa paglalakbay. Sa konteksto ng diaspora, naglalarawan sa mga taong mas piniling makipagsapalaran sa ibang bansa upang magsakripisyo para sa kapakanan ng pamilya. Pagmamahal at pagsasakripisyo ang ipinapakita nito. Isang transpormasyon ng likhang-isip tungo sa praktika ang Ibong Adarna. Nangangahulugan lamang ito maaaring maiugnay ang karanasan ng bawat mag-aaral sa konteksto at konsepto ng aralin.

Alinsunod ito sa obserbasyon ni Creely (2019) na ang pagtuturo ng tula na madalas nakakahon lamang sa estetiko at lingguwistikong katangian, na nagreresulta sa pagkawala ng interdisiplinaryong koneksiyon sa iba pang sangay ng karunungan gaya ng lohika at numerasiya.

Sa konteksto ng pag-aaral, ang ganitong isyung panlipunan na may malaking tulong sa larang ng edukasyon sa pamamagitan ng pagtalakay ng Ibong Adarna dahil sa naipamamalas nito ang mga aktuwal na nangyayari sa lipunan. Ang mga mag-aaral na maaaring magsagawa ng panayam sa mga kapuwa kamag-aral sa kanilang paaralan na tungkol sa diaspora ang pangunahing tema. Gamit ang teknolohiya maaari silang magsagawa ng bidyo habang nagsasagawa ng panayam sa kanilang napiling mag-aaral kung saan ang mga magulang nito na nagtatrabaho sa ibang bansa. Magsasagawa ng pag-uulat ang bawat isa batay sa kanilang datos na nakalap upang mas palalimin ang pagtalakay sa ganitong isyu.

Ibong Adarna, Saknong 1363–1717

Ang talahanayan 10, tungkol sa Aralin 7: *Ibong Adarna*, Saknong 1363–1717, nakapokus sa malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng *Ibong Adarna*, pagbigkas ng tula, pagsulat ng iskrip, pagtatanghal ng shadow play, at pagsulat ng pagninilay. Bagaman, tanging literasi lamang ang pokus at walang integrasyon ng numerasiya. Lumitaw sa pagsusuri na bagaman napakayaman ng *Ibong Adarna* sa mga konseptong numerikal (7 Awit ng ibon, 3 magkakapatid, 7 bundok, at iba pa.), hindi ito tahasang ginagamit bilang lunsaran ng numerasiya sa mga kagamitang pampagtuturo. Ang literasi ay nananatiling mataas sa pamamagitan ng paghahambing ng mga tauhan at pagsusuri ng mga kultural na aspekto. Nakatuon ang araling ito sa mga makrong kasanayan na pagbasa, pagsulat, at pagsasalita gamit ang iba’t ibang modal. Ayon sa matrix, “*Nakatuon sa multimodal na kalalabasan ang malalim na pag-unawa sa akda kung kaya’t napagtuunan ang literasi*”. Nangangahulugan lamang ito na sa paraan ng shadow play naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan batay sa kabuoang kaisipan sa harap ng publiko. Samakatuwid, isa itong epektibong komunikasyon kasabay ng biswal na pag-unawa ng akda. Tinuturuuan sila ng epektibong pag-organisa ng impormasyon sa pamamagitan ng malikhain pagpapahayag.

Talahanayan 10

Ikaapat na Markahan – Aralin 7: Ibong Adarna, Saknong 1363–1717

Lingguhang Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literasi	Integrasyon ng Numerasiya	Deskripsiyon	Mga Obserbasyon
Ikaapat na Markahan Aralin 7	Ibong Adarna Saknong 1363-1717	Malalim na pag-unawa at panunuri sa mga piling saknong ng <i>Ibong Adarna</i>	Wala	BI	Nakatuon sa multimodal na kalalabasan ng malalim na pag-unawa sa akda kung kaya’t napagtuunan ang literasi. Kaakibat pa nito ang pagsasanay sa pagsasalita at pagsulat.
		Pagbigkas ng tula			
		Pagsulat ng iskrip			
		Pagtatanghal ng shadow play			Walang integasyon ng numerasiya.
		Pagsulat ng pagninilay			

Pakahulugan

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numerasiya o literasi)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa numerasiya o literasi)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong numerasiya o literasi)

Ang multimodal ay isang multidimensyonal o malawakang gawain sa pakikipagtalastasan at sining. Makikita ang pagkamalikhain ng bawat mag-aaral sa kung paano ipapakita sa madla ang artistikong pagsasanay. Sa konteksto ng aralin, mahalagang instrument ang pagtatanghal upang maipakita ang kultura

at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan na mayroon ang mga Pilipino. Ang resulta na nagpapatunay na may "missed opportunities" o mga nasayang na pagkakataon. Ang mga materyales na nakatuon lamang sa kuwento at moralidad ng Korido, habang ang mga elementong numerikal na intrinsic o likas sa akda na hindi nagagamit upang maging matalas ang pangangatwirang matematikal ng mga mag-aaral sa loob ng klase sa Filipino. Kaugnay nito ang *ICT-enhanced collaboration* at integrasyon ng iba't ibang literasi (kabilang ang numerical literacy) na susi sa pagpapatatag ng pundasyon ng mga mag-aaral sa ilalim ng K to 12 program. Ayon sa pag-aaral ni Nina Cheng at Lee (2024), ukol sa *Developing a Shadow Play Teaching Module for Kindergarten Art Education: A Qualitative Study Using the ADDIE Approach*. Ang pananaliksik na ito ay nagpapakita na ang shadow play ay nagbibigay sigla at inklusibong edukasyon sa pagkatuto. Sa konteksto ng pananaliksik, mainam na gamitin ang mga angkop at makabagong estratehiya upang higit na mapadali ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa nilalaman ng aralin. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraang nakapupukaw ng interes at nakatuon sa aktibong partisipasyon, nagiging mas makabuluhan at dinamiko ang proseso ng pagkatuto.

Samakatuwid, mainam na gamitin ang shadow play, bukod sa multidimensyonal at malikhaing paraan ng pagkatuto. Ipinapakita rin nito ang progresibong pagkatuto. Magkakaroon ng inklusibo sa lahat ng uri ng mag-aaral. Dito na nabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na maipakita ang kakayahan sa aspekto ng wika, sining, at komunikasyon. Dahil ang produkto ng pananaliksik na ito ay isang halimbawang aralin, irerekomenda na sa pagtuturo ng Ibong Adarna, isama ang mga gawain gaya ng pagkakalkula ng oras ng paglalakbay ng mga tauhan, paggawa ng mapa na may sukat, at pag-aanalisa ng sukat at tugma (7 pantig bawat taludtod) bilang isang gawaing numerasiya. Sa ganitong paraan, napag-uugnay ang panitikan at matematika na higit na nagpapalawak sa pag-unawa at kasanayan ng mga mag-aaral. Bukod dito, nahuhubog din ang kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang maglapat ng kaalaman sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto.

Mga Maaaring Malinang sa mga Lingguhang Aralin sa Filipino tungo sa Mabisang Integrasyon ng Numerasiya at Literasi

Sinuri ang naging resulta ng *Content analysis* sa mga lingguhang aralin sa Filipino 7 na nakapokus sa pagtuturo ng tula. Mula sa mga natukoy na pagkakaroon o kawalan ng integrasyon ng numerasiya at literasi, tinalakay naman sa bahaging ito ang mga maimumungkahing paglinang sa bawat aralin. Nakatuon pa rin ito sa mga lingguhang aralin sa Filipino 7 sa ilalim ng MATATAG Kurikulum, gayundin sa mga naging resulta ng pagsusuri sa mga araling may kaugnayan sa tula.

Karunungan-bayan (Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain, at Kasabihan)

Sa konteksto ng literasi, nanatiling mabisa ang kritikal na pagpapabasa at pagpapasuri sa mga karunungan-bayan kaugnay ng mga elemento ng tula na napalilitaw rito. Sa kabilang banda, higit na mapalalalim ang literasi kung bibigyang-diin ang talinghaga, sapagkat ito ay isa sa mahahalagang katangian ng karunungan-bayan, partikular sa mga salawikain. Maidaragdag pa rito ang pagpapalitaw ng mga nakakubling kahulugan ng talinghaga.

Ang pagdalumat ng talinghaga sa pag-aaral ng karunungan-bayan ay nagsisilbing daan upang mapalawak ang saklaw ng literasi ng mga mag-aaral. Hindi lamang ito nakatuon sa pagbasa at pag-unawa, kundi maging sa pagsusuri ng mga nakatagong mensahe sa teksto. Ang pag-unawa sa talinghaga ay nangangailangan ng mataas na antas ng pag-iisip kung saan nalilining ang kakayahan ng mga mag-aaral na maghambing, mag-uugnay, at magbigay-katwiran batay sa tekstong binabasa.



Sa ganitong dulog ng pagkatuto, natututo ang mga mag-aaral na hindi lamang magpokus sa literal na kahulugan ng mga salita, bagkus bumuo ng sariling pagpapakahulugan na nakaugat sa kanilang karanasan, kultura, at panlipunang konteksto. Ang pagpapahalaga sa karunungan-bayan na nagiging mahalagang hakbang upang makita nila ang sariling identidad bilang Pilipino. Sa pamamagitan nito ay nagkakaroon sila ng pag-unawa na ang wika at panitikan ay hindi lamang akademikong aralin, bagkus na salamin ng ating buhay at kasaysayan.

Iminumungkahi na higit na bigyang-diin ng mga guro ang paggamit ng talinghaga sa pagtuturo ng karunungan-bayan upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-iisip at malikhaing interpretasyon ng mga mag-aaral. Maaaring gamitin ang mga pangkatang gawain, talakayang may gabay na tanong, at pagsasalin ng talinghagang kahulugan tungo sa konkretong karanasan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, hindi lamang napalalawak ang bokabularyo bagkus napalalalim ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

Sa konteksto ng numerasiya, bagaman ang may pangunahing kaugnayan ay ang elementong sukat sa karunungan-bayan, maaaring palawakin ang aplikasyon ng kasanayang ito sa pamamagitan ng pagninilay at pagbubuo ng kwantitatibong pagtataya. Halimbawa, maaaring muling suriin ng mga mag-aaral ang mga salawikain, sawikain, o kasabihan at suriin kung paano naiuugnay o naiaangkop sa personal na karanasan. Sa ganitong paraan, naipapasok ang paggamit ng numerikal na pag-iisip sa pagpapahalaga at pag-unawa sa mga aral ng karunungan-bayan.

Hindi lamang nakatuon ang ganitong dulog sa literal na paggamit ng numero, bagkus sa pagbuo ng lohikal at matematikal na pagninilay. Kapag sinusukat ng mag-aaral kung paano kalapit sa kanilang buhay ang kahulugan ng isang salawikain, nagsasagawa sila ng isang uri ng pagtatayang nakabatay sa karanasan at interpretasyon. Ang prosesong ito na nalilinan ang analitikal na pag-iisip dahil kinakailangan nilang tukuyin ang ugnayan ng simbolikong kahulugan at aktuwal na pangyayari. Samakatuwid, hindi lamang limitado ang numersiya sa pagbibilang o pagkalkula, bagkus tumutukoy rin sa kakayahang gumamit ng numero upang magbigay-pakahulugan sa mga sitwasyong may kinalaman sa pang-araw-araw. Kapag naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga salawikain sa isang numerikal na pagtataya, tulad ng antas ng kanilang pagsang-ayon o dami ng pagkakataong ito, na totoo sa kanilang karanasan, natututo silang magpahayag gamit ang datos at lohikal na batayan. Nagdudulot ito ng higit na masusing pag-unawa sa karunungan-bayan bilang mahalagang sangkap ng paghubog ng kanilang identidad at kamalayang kultural. Sa pamamagitan ng ganitong pagdulog, naipapaloob sa kamalayan ng mga mag-aaral ang historikal, panlipunan, at kultural na konteksto ng mga nasabing anyo ng panitikan.

Ayon sa pag-aaral ni Eslit (2023), batay sa *Resilience of Philippine Folklore: An Enduring Heritage and Legacy for the 21st Century*. Tumatalakay sa iba't ibang anyo ang kuwentong-bayan sa Pilipinas bilang bahagi ng kultura at pagkakakilanlan. Ito ang tanging susi upang mas pahalagahan ang mga lokal na kultura, pagpapalawak ng pag-unawa dito at pagpapanatili sa identidad bilang mga Pilipino noon at ngayon sa kontemporaryong panahon. Sa pamamagitan nito, ang iba't ibang anyo ng panitikan, tulad ng mga kuwentong-bayan, ay nagiging mahalagang daluyan sa pagpapayaman ng wika sa konteksto ng edukasyon na nakasandig sa katauhan, karanasan, at sosyokultural na pinagmulan ng mga mag-aaral.

Ayon kina Smith et al. (2021), ipinakikita ng isang kritikal na pagsusuri na ang dating kaalaman ay may mahalagang papel sa pag-unawa sa binasa ng mga batang nasa primaryang baitang, subalit nag-iiba ang epekto nito depende sa uri at kalidad ng teksto, gayundin sa antas ng kasanayan ng mambabasa. Napatutunayan na ang mataas na antas ng dating kaalaman ay maaaring magsilbing kompensasyon para sa

kahinaan sa pagbasa, habang ang mababang dating kaalaman na nakabibigay ng higit na benepisyo kung ang teksto na may malinaw na pagkakaugnay. Ang mga natuklasan na nagmumungkahi ng mga kongkretong implikasyon para sa pagtuturo ng pagbasa sa mga unang taon ng pag-aaral at nagbubukas ng mga bagong direksyon para sa pananaliksik hinggil sa interaksyon ng dating kaalaman at kasanayan sa pagbasa.

Sa pananaliksik ni Soligan (2025), pinag-aralan ang impak ng paggamit ng *illustrated storybooks* sa pagpapaulad ng numerasiya ng mga mag-aaral. Natuklasan na ang integrasyon ng panitikan at matematika ay nakatutugon sa parehong kognitibo at pandamdaming dimensyon ng pagkatuto, na ginagawang mas konektado ang mga abstraktong konsepto sa pamamagitan ng konteksto ng salaysay. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagsasama ng mga panitikan sa matematika sa pagtuturo sa silid-aralan, pagbibigay ng pagsasanay sa mga guro para sa epektibong implementasyon, at paglinang ng mga kultural na materyal na angkop upang higit pang mapaunlad ang kinalabasan sa pagbabasa at pagbibilang.

Iminumungkahi na isama ng mga guro ang mga gawaing naglilalang ng numerikal na pagninilay sa talakayan ng karunungan-bayan. Maaaring magpaggamit ng rating scales, frequency charts, o grapikong representasyon upang masukat kung paano nauugnay ng mga mag-aaral ang mga salawikain sa kani-kanilang karanasan. Sa pamamagitan nito, napalalawak ang pag-unawa sa numerasiya bilang kasanayang kapaki-pakinabang sa buhay, habang sabay na pinalalalim ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

Dula, Senakulo, Moro-moro, Sarsuwela, Tibag, Flores de Mayo, Santacruzang, Awit at Korido

Sa paksang ito ng aralin, ang Awit at Korido ang naging sentral na pokus. Sa konteksto ng literasi, maaaring gamitin ang mga sipi mula sa mga akdang ito bilang instrumento ng integrasyon sa pagkatuto. Kabilang dito ang pagpapasuri sa mga piling bahagi ng Awit at Korido at ang pagpapatuklas sa mga mag-aaral ng kanilang kakayahan o katangiang pampanitikan. Partikular na maaaring pagtuunan ang mga simbolismong nakapaloob sa mga akda at ipasuri sa mga mag-aaral ang mga nakatagong kahulugan nito.

Sa paggawa nito, hindi lamang literal na pagbasa ang nagaganap bagkus may aktibong paglalapat ng pag-unawa at pagsusuri. Napauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral na tukuyin ang relasyon ng wika, imahen, at kahulugang ipinahihiwatig ng simbolismo sa Awit at Korido. Ang pagsusuri sa simbolismo ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng kognitibong pagproseso, na inaasahan ang mga mag-aaral na magsagawa ng paghahambing, pag-uugnay, at pagbibigay-interpretasyon sa konteksto.

Ang paggamit ng Awit at Korido bilang lunsaran ng literasi ay nagdudulot ng mas makabuluhang pagkatuto. Natututo ang mga mag-aaral na magbasa nang may ganap na pag-unawa, magpaliwanag ng mga sitwasyong kultural at historikal, at magpahayag ng sariling interpretasyon na hindi lamang nakabatay sa teksto bagkus pati sa kanilang karanasan at persepsiyon. Dahil dito, ang pag-aaral ng panitikan ay nagiging isang makabuluhang larangan na nagsisilbing daluyan sa masusing pag-unawa sa masalimuot at dinamiko na ugnayan ng kultura, wika, at identidad.

Iminumungkahi na higit pang palawakin ng guro ang mga gawaing nagpapalalim sa pag-unawa ng simbolismo ng Awit at Korido. Maaaring magpatupad ng *brainstorming*, talakayang pampangkat, grapikong pantulong, at replektibong pagsulat upang matulungan ang mga mag-aaral na mailahad ang kanilang interpretasyon nang malinaw. Sa ganitong paraan, hindi lamang umuunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa, bagkus napalalakas ang kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa panitikang Pilipino. Sa bahagi ng numerasiya, bukod sa pagsusuri sa sukat ng mga halimbawang Awit at Korido,

maaaring isama sa integrasyon ang pag-aaral ng tugmaan o *rhyming pattern* ng mga akda. Sa pagtukoy at pagbibilang ng pantig at paghahambing ng mga tunog sa hulihan ng taludtod, naipakikita ng mga mag-aaral ang kakayahang magmasid at magtala ng mga regularidad at *pattern*. Itinuturing ito na pangunahing aspekto ng numerasiya.

Ipinapakita ng pag-aaral sa sukat at tugmaan na ang numerasiya ay hindi lamang umiikot sa mga numero at kalkulasyon, bagkus pati na rin sa paghahanap ng lohikal na estruktura at organisasyon ng anyong pampanitikan. Sa pag-uugnay ng bilang ng pantig at tugmaan sa kabuoang ritmo at daloy ng tula, humuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsagawa ng sistematikong pagsusuri. Nakapagtuturo ang ganitong proseso ng masusing pagkilala at pag-unawa sa anyo at kahulugan tungkol sa loob ng isang akdang pampanitikan.

Sa kabuoan, ang pagsusuri sa sukat at tugmaan ay nakatutulong sa pagpapalawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa proseso ng pagbuo ng estetika at musikalidad ng mga anyong pampanitikan tulad ng Awit at Korido. Sa pag-alam kung paanong nakaaapekto ang mga ito sa tono, emosyon, at mensaheng nais ipabatid ng akda, natututo ang mga mag-aaral na magbigay interpretasyon na hindi lamang nakabatay sa nilalaman, kundi maging sa estruktura nito. Dahil dito, higit na lumalalim ang kanilang pagpapahalaga sa panitikan bilang isang disiplinang nagtataglay ng balanseng ugnayan ng anyo at diwa.

Sang-ayon pa rin sa pag-aaral ni Eslit (2023), batay sa *Resilience of Philippine Folklore: An Enduring Heritage and Legacy for the 21st Century*, binigyang-diin na ang Pilipinas ay may malaking papel sa mga karunungan-bayan katulad ng dula at tulang pasalaysay (Awit at Korido) sa pagpapalalim ng kamalayan sa kultura at kasaysayan ng bansa. Ang mga ito ang nagsisilbing identidad ng pagkakakilanlan bilang isang Pilipino sa bawat bansa at sa mga susunod na salinlahi. Sa konteksto ng pananaliksik, may malaking gampanin at tungkulin ang larang ng edukasyong upang pagyabungin at pagyamanin ang kultura ng bansa.

Mula naman sa eksperimental na pag-aaral nina Nurhasanah et al. (2024), napag-alaman na nakatutulong sa paghubog at paglinang ng kasanayan sa numerasiya ang pagpapatupad ng *Project-Based Learning*. Nakapagbibigay ang *Project-Based Learning* ng pagkakataon para sa paggalugad at pagtuklas sa pamamagitan ng mga kontekstuwal na proyekto na nagsusulong ng kritikal na pag-iisip at paglutas ng mga suliranin. Ayon kina Andriani et al. (2025), natitiyak naman ng *Mastery Learning* ang pagiging buo ng pagkatuto sa pamamagitan ng sistematikong interbensiyon at pormatibong pagtataya. Batay sa pagsusuri, napatunayan na ang implementasyon ng *Project-Based Learning* (PBL) at *Mastery Learning* ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapaunlad ng kasanayang numerasiya, partikular na sa antas ng sekondarya.

Ayon sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (2025), batay sa iba't ibang pag-aaral, malinaw na hindi lamang nakasentro ang literasi sa pagbasa at pagsulat, bagkus isang masalimuot na kasanayang nakaugnay sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at aktibong partisipasyon sa lipunan.

Iminumungkahi na isama ng guro ang mga gawaing pampag-unawa sa sukat at tugmaan, tulad ng pagbuo ng talahanayan ng bilang ng pantig, paghahambing ng tugmaan, at pagsasagawa ng ritmo o pagbigkas na may tamang diin. Maaaring ipagawa ang paghahambing ng iba't ibang bersyon ng Awit o Korido upang makita ang pagkakaiba sa porma at epekto nito. Sa ganitong paraan, sabay na nalilalang ang numerasiya at ang mas malalim na pagpapahalaga sa anyo at kakanyahan ng panitikang Pilipino. Bukod dito, itinataguyod ng ganitong sistema ang interdisiplinaryong pagkatuto, na nagbubuklod sa iba't ibang

disiplina upang lumikha ng isang integratibong karanasan.

Mga Awit ng Rebolusyon laban sa mga Kastila at iba pa

Sa aspekto ng literasi, maaaring malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapasuri sa isang halimbawa ng Awit, pati na sa pagpapalitaw ng mga simbolismo at talinghagang nakapaloob dito. Ang pagtukoy sa mga simbolo, tayutay, at pahiwatig na nagiging daan upang masusing mabasa at maunawaan ng mga mag-aaral ang mga hindi tahasang mensahe sa akda. Sa pamamagitan nito, nailalantad nila ang mas malalim na kahulugan ng Awit bilang anyo ng panitikang nagtataglay ng damdamin, karanasan, at pananaw.

Makikita na humihikayat ang prosesong ito sa mga mag-aaral na gumamit ng mataas na antas ng pag-iisip upang tuklasin ang ugnayan ng wika, kultura, at simbolikong kahulugan. Ang pagsusuri sa talinghaga at simbolismo ay nangangailangan ng paghinuha, interpretasyon, at pagbibigay-katwiran batay sa konteksto ng akda. Sa ganitong paraan, hindi lamang nalilina ang kanilang kakayahang magbasa, bagkus pati ang kakayahang magsuri, mag-analisa, at magpahayag ng lohikal na argumento.

Sa kabuoan, nagiging makabuluhan ang pag-aaral ng Awit sapagkat nagdudulot ito ng mas malalim na pagkatuto na nakabatay sa pag-unawa at interpretasyon. Natututo ang mga mag-aaral na magbasa nang lampas sa literal na kahulugan at bigyang-diin ang mga kultural at estetikong dimensyon ng akda. Sumasaklaw ang literasi sa higit pa sa kasanayan sa pagbasa, kinapapalooban din nito ng kakayahang magpahayag ng pananaw, mag-ugnay ng kahulugan, at magsuri ng wika bilang representasyon ng karanasan. Iminumungkahi na gamitin ng guro ang mga estratehiya tulad ng pinatnubay na tanong sa pagbasa, mga grapikong pantulong para sa tayutay at simbolo, at replektibong pagbabahagi upang higit na mapalalim ang pagpapaunlad ng literasi ng mga mag-aaral. Maaaring ipasuri ang iba't ibang interpretasyon ng mga linya ng Awit upang matalakay ang pagbabago ng kahulugan depende sa konteksto. Sa gayong paraan, nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa konstruksiyon ng kahulugan at higit na napauunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang magpahayag.

Para naman sa numerasiya, maaaring isama sa integrasyon ang pagpapasuri sa sukat at tugmaan ng mga Awit na napag-aaralan. Sa pagbibilang ng pantig at pagtukoy ng mga tugmaan sa hulihan ng taludtod, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng konkretong karanasan sa paggamit ng mga konseptong may kinalaman sa bilang at pattern. Nagiging daan ito upang makita na ang panitikan ay may estruktura at pormat na maaaring lapatan ng sistematikong pagsusuri.

Ang gawaing ito na nagpapakita na ang numerasiya ay hindi lamang nakasentro sa tradisyonal na matematika, bagkus maaaring mailapat sa pagsusuri ng anyo at ritmo ng isang akdang pampanitikan. Sa pag-aaral ng sukat, natututo ang mga mag-aaral na mag-observa ng regularidad sa bilang ng pantig, habang sa tugmaan na natututo silang tukuyin ang *pattern* na bumubuo sa musikalidad ng Awit. Ang ganitong uri ng pagsusuri na naglilina ng lohikal at analitikal na pag-iisip.

Sa kabuoan, ang pagsasama ng numerasiya sa pag-aaral ng Awit ay nagpapalawak sa pag-unawa ng mga mag-aaral na ang panitikan na hindi lamang emosyonal at simboliko, bagkus nakaangkla rin sa estruktura at porma. Ang sukat at tugmaan ay hindi lamang teknikong aspekto, bagkus bahagi ng paglikha ng damdamin, himig, at mensaheng nais iparating ng may-akda. Dahil dito, natututo ang mga mag-aaral na iugnay ang bilang at *pattern* sa pagpapakahulugan at pagdama sa akda. Sinuportahan ito sa pag-aaral ni Abella at Sepada (2023), tungkol sa *Enhancing Children's Literacy through Music: Exploring the Impact*

and Strategies for Integration. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa integrasyon ng musika sa pagtuturo ng literasi na may malaking tulong sa ponolohikal na kamalayan, kasanayan sa pagbasa, pagbuo ng mga bokabularyo, at motibasyon. Nagsisilbi bilang mabisang kagamitan ang mga awitin sa pagpapanatili ng mahalagang impormasyong inilalahad sa pamamagitan ng musikang anyo. Ang *music-based literacy* na nagtataguyod ng emosyonal na koneksiyon sa panitikan ay nagiging dahilan upang maging mas kawili-wili at makabuluhan ang paraan ng pagbabasa. Samakatuwid, ang mga awiting rebolusyonaryo ay nagsisilbing kasangkapan sa edukasyon upang mapalalim ang kritikal na pag-unawa at mapaunlad ang paraan ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Binigyang-halaga sa pag-aaral ni Porlas (2024), ang masusing pagsusuri sa piling tula ni Jose Corazon de Jesus na nakatuon sa ugnayan ng guniguni, damdamin, at simbolismo. Sa halip na manatili sa pangkalahatang tematikong nilalaman, binibigyang-diin ng pananaliksik ang paggamit ni de Jesus ng mga kasangkapang pampanitikan gaya ng personipikasyon at antropomorfismo upang makalikha ng emosyonal na tugon mula sa mambabasa. Ipinakikita na ang paggamit ng pang-araw-araw na bagay bilang simbolo ay nagbibigay ng higit na lalim sa kaniyang panulaan. Sa ugnayan ng pagtuturo ng tula, mahalagang bigyang-diin ang tatlong element tulad ng guniguni, damdamin, at simbolismo bilang mahahalagang kasangkapan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapakahulugan sa akda. Sa pamamagitan ng mga elementong ito, higit na napalalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri at magbigay-interpretasyon sa mga tekstong pampanitikan. Sa pamamagitan ng estrukturadong plano ng aralin, nagiging posible para sa mga guro na mapalawak ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino at mahubog ang kakayahang magbasa, magsuri, at magpapahalaga sa tula.

Iminumungkahi na gumamit ang guro ng mga gawain tulad ng pagbuo ng talahanayan ng bilang ng pantig, paghahambing ng tugmaan sa bawat saknong, at pagsasanay sa tamang pagbigkas na may angkop na ritmo upang higit na malinang ang numerasiya sa panitikan. Maaaring ipasuri sa mga mag-aaral ang pagbabago ng daloy at damdamin ng Awit kapag binago ang sukat o tugmaan. Sa paraang ito, natututo silang makita ang ugnayan ng anyo, bilang, at interpretasyon nang mas malalim at mas makabuluhan.

Ibong Adarna Saknong 1-6

Sa konteksto ng literasi, maaaring mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pangkatang pagpapasuri sa mga natatanging elemento ng akda tulad ng tauhan, tagpuan, tunggalian, banghay, at mensahe. Sa pagsasagawa ng ganitong gawain, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong basahin ang teksto nang may malinaw na layunin at unawain ang ugnayan ng bawat elementong pampanitikan sa kabuoang diwa ng akda. Kadalasang sinasamahan ito ng gabay na tanong upang matulungan silang tumutok sa mahahalagang bahagi ng pagtalakay. Mababakas sa pangkatang pagsusuri, nabubuo ang isang kolaboratibong espasyo para sa pagbabahaginan ng ideya at interpretasyon. Nagiging mas malalim ang diskusyon dahil pinagsasama-sama ang magkakaibang pananaw ng mga mag-aaral. Sa pagtalakay ng tauhan at tunggalian, naiuugnay nila ang motibasyon at emosyon sa mga sitwasyon. Samantalang sa banghay at tagpuan, sinusuri nila ang pag-unlad ng pangyayari at kahalagahan ng konteksto. Dahil dito, nahuhubog ang kasanayan nila sa pagsusuri at pagbibigay ng katwiran.

Sa kabuoan, hindi lamang aktibidad ang nagpapatibay ng pag-unawa sa teksto ang pangkatang pagsusuri, bagkus isang oportunidad upang malinang ang kritikal na pag-iisip at komunikasyon ng mga mag-aaral. Natututong magpahayag at makinig sa iba, magtimbang ng ideya, at magbigay ng interpretasyong may lohikal na batayan. Higit pa rito, nagiging makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan dahil nagkakaroon ng sariling lente sa pagtingin sa mensahe ng akda at sa kaugnayan nito sa sariling

karanasan at realidad.

Iminumungkahi na ipagpatuloy at pag-ibayuhin pa ng guro ang paggamit ng pangkatang pagsusuri sa pagtalakay ng mga akdang pampanitikan. Maaaring magbigay ng malinaw na pamantayan sa pagmamarka o organisadong grapikong pantulong upang gabayan ang talakayan. Mainam na hikayatin ang bawat kasapi na gampanan ang tiyak na tungkulin tulad ng tagapag-ulat, tagapagtala, tagapag-ugnay, o tagasuri upang matiyak ang aktibong pakikilahok.

Sa ganitong paraan, higit pang mapauunlad ang *literacy skills* ng mga mag-aaral habang napapatalas ang kanilang kolaboratibo at kritikal na pag-iisip. Dahil dito, nagiging mas makabuluhan ang kanilang pagkatuto at pagsusuri sa mga tekstong kanilang pinag-aaralan. Sa bahagi ng numerasiya, maaaring ipatupad ang gawaing paggamit ng *line graph* upang maipakita ng mga mag-aaral ang naobserbahan na damdamin sa bawat saknong ng akda. Sa pagsasagawa nito, sinusukat ang durasyon ng bawat emosyonal na pagbabago o pag-akyat-baba ng damdamin batay sa tono, nilalaman, o tagpong ipinapakita sa bawat bahagi ng tula o Awit. Sa ganitong paraan, nagiging malinaw ang koneksiyon ng datos (emosyon sa bawat saknong) at representasyong biswal (*line graph*) bilang bahagi ng pag-aaral.

Ang paggamit ng *line graph* ay hindi lamang naglalayong mailarawan ang emosyon, bagkus nagsisilbing kasangkapan upang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magsuri, maghambing, at mag-organisa ng impormasyon sa isang sistematiko at lohikal na paraan. Sa paglalapat ng numerasiya sa panitikan, gumagawa ng pagtataya at pagkukumpara sa damdaming nangingibabaw sa bawat saknong. Nasisiyasat din ang pagbabago ng emosyon habang umuusad ang akda, na nagpapakita ng mataas na antas ng analitikal na pag-iisip at lohikal na interpretasyon. Sa pamamagitan nito, natutukoy ng mga mag-aaral ang mga transisyon ng damdamin ng mga tauhan at ang ugnayan sa mga pangyayari sa naratibo, na nagsisilbing batayan sa mas malalim na pag-unawa sa kabuoang mensahe ng akda. Dahil dito, napauunlad ang kanilang kakayahang magsuri at magbigay-kahulugan sa mga tekstong pampanitikan.

Sa kabuoan, ang ganitong uri ng gawain ay nagpapakita na maaaring pagsamahin ang damdaming nakapaloob sa panitikan at ang lohikal na proseso sa Matematika. Natututo ang mga mag-aaral na ang numerasiya ay hindi lamang para sa mga bilang at pormula, bagkus maaaring gamitin upang unawain ang galaw at estruktura ng damdamin at kahulugan sa teksto. Dahil dito, napalalawak ang kanilang perspektiba na ang panitikan ay maaaring suriin mula sa iba't ibang lente, kabilang na ang lohikal at estrukturang pananaw.

Sang-ayon pa rin sa pag-aaral ni Eslit (2023), ang mga katutubong panitikan ng Pilipinas ay nagsisilbing inspirasyon at pundasyon sa pagpapanatili sa kasalukuyan. Naglalarawan ang Ibong Adarna ng katangian at pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan na sumasalamin sa karanasan ng mga Pilipino. Bagaman may impluwensiya ang Ibong Adarna na mula sa mga Espanyol, ito ang naging tulay at simulain ng pagyabong ng mga katutubong panitikan. Sa pag-aaral na binibigyang-diin ang integrasyon sa pagtuturo ng katutubong pampanitikan katulad ng Ibong Adarna upang mapaigting ang kasanayang pangwika at pagkakakilanlan.

Iminumungkahi na isama ng guro ang iba't ibang grapikong pantulong, pagbuo ng tsart, at biswal na representasyon tulad ng grap at panukat ng damdamin upang higit na mapalawak ang aplikasyon ng numerasiya sa panitikan. Makabubuting talakayin ang pagbabago ng interpretasyon ng damdamin batay sa pagkakaunawa ng bawat mag-aaral upang mapalakas ang kolaboratibo at kritikal na talakayan. Sa ganitong paraan, hindi lamang napauunlad ang numerasiya bagkus maging ang empatiya at pag-unawa sa nilalaman

at damdamin ng akda.

Ibong Adarna Saknong 7-215

Para sa literasi, isa sa mga paraan upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral ay ang pagsusuri at pagtukoy sa mga naging tunggalian ng mga karakter sa mga saknong na pinag-aralan. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng pagkakataong unawain hindi lamang ang mga pangyayari sa akda bagkus ang relasyon ng mga tauhan at ang mga dahilan sa likod ng mga kilos at desisyon.

Makikita na ang pagtukoy sa tunggalian ay naglalayong palalimin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa estruktura ng naratibo at sa lohikal na ugnayan ng mga pangyayaring nagaganap sa akda. Sa pag-aanalisa kung ano ang pinagmulan ng tunggalian, paano ito umunlad, at paano ito nalutas, nahuhubog ang kakayahan nilang magbigay-kahulugan, maghambing, at maglahad ng interpretasyon batay sa tekstwal na ebidensya. Nagtataguyod ang prosesong ito ng kritikal na pagbasa.

Sa kabuoan, nakatutulong ang pagsusuri sa tunggalian upang mailahad ng mga mag-aaral ng mas malalim na pag-unawa sa mensahe ng akda. Natututong hindi lamang makikita ang tunggalian sa isang bahagi ng naratibo, bagkus isang elemento na nagpapalakas sa temang nais iparating ng may-akda. Sa gayon, nagiging makabuluhan ang pagbasa dahil nauugnay ang aral sa personal na karanasan, ugnayan sa lipunan, at mga pagpapahalagang kultura. Iminumungkahi na gumamit ang guro ng mga gabay na tanong o grapikong pantulong (tulad ng *cause-effect map* o *conflict chart*) upang sistematikong maituro ang pagsusuri ng tunggalian. Mainam din na magpagawa ng maikling presentasyon o talakayan sa pangkat upang maisulong ang pagbabahagi ng interpretasyon. Sa ganitong paraan, napauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan habang nagiging aktibo at kolaboratibo ang pagkatuto.

Para naman sa numerasiya, isa sa mga gawaing maaaring ilapat na ang pagtataya sa kadalisan ng layunin ng mga tauhan ng tula sa pamamagitan ng numerikal na pagmamarka at biswal na representasyon. Sa gawaing ito, bibigyan ng mga mag-aaral ng marka ang mga tauhan batay sa antas ng kanilang kabutihang layunin, intensyon, o moralidad sa mga kilos na ipinakita sa akda. Pagkatapos, ilalarawan o iguguhit ito sa anyo ng tsart, grap, o iba pang biswal na presentasyon.

Sa prosesong ito, nahahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kwantitatibong batayan mula sa kwalitatibong datos na nakapaloob sa akda. Natututong maghanap ng ebidensya mula sa teksto upang suportahan ang *numerical* na pagtataya na kanilang ibinibigay. Dahil dito, nagiging mas sistematiko ang kanilang paghusga at hindi lamang nakabatay sa personal na opinyon. Lumalawak ang koneksiyon ng literasi sa numerasiya, dahil ang interpretasyong dinadaluyan ay lohikal at matinong pagsusuri. Sa paggamit ng numerikal na pagmamarka at biswal na representasyon, nagiging malinaw sa mga mag-aaral na ang mga tauhan ay hindi lamang mabuti o masama, bagkus kumikilos batay sa masalimuot na layunin at sitwasyon. Ang paglalapat ng numero bilang representasyon ng moral na intensiyon ay nakatutulong upang maipakita ang pagbabago ng kilos o disposisyon ng mga tauhan habang umuusad ang kuwento. Sa ganitong paraan, nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa karakter, emosyon at tunggalian sa akda.

Sang-ayon pa rin sa pag-aaral ni Abella et al. (2023), sa pamamagitan ng sining, mas magiging kawili-wili at interaktibo ang pagtuturo na mayroong integrasyon ng musika gamit ang tula na lalapatan lamang ng liriko, isinasaalang-alang ang ponolohikal na kamalayan maging ang bokabularyo. Samakatuwid, binibigyang-buhay ang pagbuo ng mga tulang mayroong sukat sa pamamagitan ng

integrasyon ng musika na nagiging instrumento sa pagkatuto. Binibigyang-diin ng kasalukuyang pag-aaral na ang sining ay nagsisilbing isang mahalagang kagamitang pampagtuturo sa epektibong pagkatuto at pagtatamo ng wika.

Iminumungkahi na gumamit ang guro ng grapikong pantulong tulad ng tsart sa pagmamarka, o grap upang mas malinaw na maipakita ang pagtataya. Maaaring magpasagawa ng pagtalakay pagkatapos ng presentasyon upang ipaliwanag ng mga mag-aaral ang batayan ng pagmamarka. Mahalagang hikayating magbigay ng tekstwal na ebidensya para sa bawat marka upang manatiling ugnay ang numerikal na pagsusuri sa aktwal na nilalaman ng akda. Sa ganitong paraan, nagiging epektibo ang integrasyon ng literasi at numerasiya sa pag-aaral ng tula.

Ibong Adarna Saknong 216-442

Sa bahagi ng literasi, ang mga mag-aaral ay binigyan ng pagkakataon na tukuyin ang mga mahahalagang pangyayari sa tula at ang mga naging kinalabasan ng bawat isa. Bukod dito, hinihikayat na magbahagi ng alternatibong desisyon mula sa perspektiba ng mga tauhan sa tula. Naglalayon na mapaulad ang mga aktibidad sa pagbasa nang may pag-unawa, magsuri ng kaganapan, at ipahayag ang sariling opinyon.

Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga mahahalagang pangyayari at pagbibigay ng alternatibong desisyon, nahahasa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Natututong suriin ang sanhi at bunga ng mga kaganapan sa tula at maiugnay sa sariling karanasan o sa iba pang sitwasyon. Ang ganitong gawain ay nagpapalawak ng imahinasyon at kakayahang magsaliksik sa iba't ibang posibleng solusyon sa mga problemang ipinapakita sa akda.

Makikita na hindi lamang nakatutulong sa pag-unawa ang aktibidad na ito bagkus sa paglinang ng mas malalim na kasanayan sa pagsusuri at paggawa ng desisyon. Ang pagbibigay ng alternatibong solusyon ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay natututong mag-isip nang malikhain at responsableng humusga sa mga sitwasyon na mahalaga sa pang-araw-araw na buhay at pagkatuto.

Inirerekomenda na patuloy na isama ang ganitong uri ng gawain sa pagtuturo ng tula at iba pang akdang pampanitikan. Maaaring palawakin ang diskusyon sa pamamagitan ng *group sharing* at *debate* upang higit pang mahikayat ang pagpapalitan ng ideya at kritikal na pag-iisip. Ang pagsasama ng biswal na kagamitan at *storytelling* na makatutulong din upang mas maging masigla at kawili-wili ang pagkatuto. Sa integrasyon ng numerasiya, ang mga mag-aaral ay maaaring magsagawa ng *pie graph* na nagpapakita ng damdaming namayani sa bawat bahagi ng tula. Sa pamamagitan ng gawaing ito, nakakalap ang guro ng datos kung alin sa mga emosyon ang nangibabaw sa akda at batay sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang paggawa ng *pie graph* ay nakatutulong sa mga mag-aaral na suriin at ilahad ang damdamin sa anyong numerikal at biswal. Natututong mag-organisa ng impormasyon, magkumpara ng bahagi sa kabuoan, at tukuyin ang *pattern* o *trend* ng emosyon sa tula. Bukod dito, nahahasa rin ang kanilang kakayahan sa interpretasyon ng grap at sa paglalapat ng konsepto ng *fractions* o porsyento sa tunay na sitwasyon.

Makikita na ang aktibidad na ito ay hindi lamang nakatutulong sa pag-unawa sa damdamin ng mga tauhan, bagkus pati na rin sa pagpapalawak ng kasanayan sa numerasiya. Ang biswal representasyon ng damdamin ay nagpapadali sa pagsusuri at nagbibigay ng mas malinaw na larawan ng relasyon ng emosyon

sa bawat saknong ng tula.

Kung kaya nagbigay ito ng iba't ibang dimensiyon at katangian ng *diaspora*. Ang literasi ay hindi lamang nakapokus sa mga kasanayan bagkus hindi maging sa pagbibigay ng mas malawak na tekstuwal at kultural na pagbabago. Ang akdang Ibong Adarna na anyo ng karunungan-bayan, sa pamamagitan ng pagkonekta ng paksa sa *diaspora* tulad ng kalagayan ng mga Pilipino sa ibang bansa, ang literasi ay isang paraan ng pag-unawa hindi lang ng isang salita ngunit pati na sa lipunan at kultura.

Inirerekomenda na gawing regular na bahagi ng pagtuturo ang ganitong uri ng gawain upang masanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng numerasiya sa konteksto ng panitikan. Maaaring palawakin ang aktibidad sa pamamagitan ng paghahambing ng emosyon ng iba't ibang tula o pagbuo ng *bar graph* bilang karagdagang paraan ng representasyon. Maaaring hikayatin na ipaliwanag ang kanilang grap upang lalong mapaunlad ang analitikal at kasanayang komunikatibo.

Ibong Adarna Saknong 443-729

Sa bahagi ng literasi, ang mga mag-aaral ay maaaring ipasuri ang mga pangyayari sa tula na maihahambing sa mga naganap noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Bilang karagdagan, hinihikayat na magbigay ng maikling paliwanag kung paano naiuugnay ang mga pangyayaring nasa tula sa kasaysayan ng Pilipinas.

Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng tula sa makasaysayang pangyayari, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri at magkompara. Natututong tukuyin ang mga kaganapan at magbigay interpretasyon sa mga simbolismo o mensahe ng tula sa konteksto ng kasaysayan. Nakatutulong din ito sa pagpapaunlad ng analitikal at kritikal na pag-iisip, dahil kailangang suriin ang ugnayan ng teksto at ng totoong pangyayari. Makikita na ang aktibidad na ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa hindi lamang sa tula bagkus pati na sa kasaysayan. Ang pagbibigay ng sariling paliwanag ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagiging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto, nakikilala ang kahalagahan ng kasaysayan, at nauunawaan ang epekto sa kultura at panitikan.

Inirerekomenda na regular na isama ang ganitong uri ng gawain sa pagtuturo ng panitikan at kasaysayan upang mahikayat ang koneksiyon ng mag-aaral sa kanilang kultura at nakaraan. Maaaring palawakin ang aktibidad sa pamamagitan ng *group discussion* o *collaborative storytelling*, na maibabahagi ng bawat isa ang obserbasyon at interpretasyon. Ang paggamit ng biswal na kagamitan tulad ng *timeline* o *historical images* ay makatutulong upang mas malinaw ang ugnayan ng tula at kasaysayan. Sa integrasyon ng numerasiya, ang mga mag-aaral ay maaaring ipagawa ang *bar graph* na nagpapakita ng pag-iral sa kasalukuyan ang mga isyung panlipunan na nabanggit sa tulang pinag-aralan at naitalang naganap noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Hinihikayat na magbigay ng maikling paliwanag tungkol sa paghinatay at pagtataya sa bawat isyung panlipunan.

Ang paggamit ng *bar graph* ay nakatutulong sa mga mag-aaral na makita ang pagkakaiba at paglaganap ng mga isyung panlipunan sa nakaraan at kasalukuyan. Natututong mag-organisa ng datos, magsuri ng *pattern* o *trend*, at magbigay ng interpretasyon batay sa biswal na representasyon. Bukod dito, nahahasa ang kakayahang mag-analisa sa ugnayan ng kasaysayan at kontemporaryong lipunan.

Makikita na ang aktibidad na ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa kaugnayan ng kasaysayan at kasalukuyan. Ang pagbibigay ng paliwanag sa mga mag-aaral ay nagpapakita na natututong

magnilay at gumawa ng konkreong koneksiyon sa pagitan ng nakaraan at ng kasalukuyang lipunan, na mahalaga sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip at kamalayang panlipunan.

Batay sa isang pananaliksik nina Bantaculo at Abelito (2025), na nakatuon sa karanasan ng mga guro sa integrasyon ng numerasiya sa pagtuturo ng Ingles. Isa sa mga umiral na tema ay ang hamon sa pagdidisenyo ng aralin sapagkat nangangailangan ito ng mas mabusising pagpapalano. Sa kabila nito, napag-alaman na higit na nagiging mapanghikayat ang integrasyon ng numerasiya kapag kinapapalooban ng mga kontekstuwal at praktikal na aplikasyon tulad ng grap at estadistika.

Sa isang *action research* ni Padernos (2024), napag-alaman ang naging epekto ng isang sanayang papel na likha ng guro sa paglinang ng numerasiya ng mga mag-aaral. Iminungkahi ng mananaliksik na magsagawa ng mga sanayang papel para sa integrasyon ng numerasiya sa ibang disiplina. Idinagdag pa ang patuloy na pakikipag-ugnayan sa ibang guro upang makapagsagawa ng kolaboratibong interbensiyon.

Inirerekomenda na isama ang ganitong gawain sa pagtuturo ng panitikan at kasaysayan upang mapalawak ang analitikal at kasanayang pangmatematika ng mga mag-aaral. Maaaring palawakin ang aktibidad sa pamamagitan ng paghahambing ng iba't ibang isyu sa lipunan gamit ang line graph o pie chart. Bukod dito, ang kolaboratibong diskusyon o pangkatang pagninilay ay makatutulong upang mas lalong maunawaan ang implikasyon ng mga isyung panlipunan sa kasalukuyan.

Ibong Adarna Saknong 730-1006

Sa integrasyon ng literasi, ang mga mag-aaral ay maaaring ipasuri ang mga natatanging elemento ng mga saknong batay sa pinag-aralan, tulad ng sukat, tugma, talinghaga, estilo ng pagsulat, at pagkilala sa estereotipo. Sa ganitong gawain, ang mga mag-aaral ay direktang nakatuon sa pag-unawa at pagsusuri ng estruktura at nilalaman ng tula.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga elementong pampanitikan, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na makilala ang paraan at istilo ng manunulat. Natututong suriin ang paggamit ng talinghaga at estereotipo sa pagpapahayag ng mensahe, at matukoy ang epekto ng sukat at tugma sa ritmo at daloy ng tula. Nagpapalawak ang ganitong gawain sa analitikal at interpretatibong kasanayan.

Mababakas na nagtataguyod ang gawaing ito ng mas malalim na pag-unawa sa tula at sa paraan ng pagpapahayag ng manunulat. Ang pagkilala sa estilo, talinghaga, at estereotipo ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng kakayahang masuri ang konteksto ng akda, at magbuo ng sariling opinyon tungkol sa mensahe at epekto ng tula.

Inirerekomenda na gawing regular na bahagi ng pagtuturo ang pagsusuri sa mga elementong pampanitikan upang masanay ang mga mag-aaral sa masusing pagbabasa at kritikal na pagsusuri. Maaaring hikayatin na magbuo ng sariling tula o halimbawa ng estereotipo at talinghaga, upang mas mailapat ang natutuhan sa malikhaing paraan. Ang paggamit ng biswal na kagamitan at *group discussion* ay makatutulong upang mas malinaw at masigla ang pagkatuto.

Sa bahagi ng numerasiya, maaaring ipagawa sa mga mag-aaral ang paglikha ng numerikal na pagmamarka at biswal na representasyon kaugnay ng mga natukoy na estereotipo sa tula batay sa kasarian, edad, at antas ng pamumuhay. Hinihikayat na suriin ang umiiral na mga estereotipo sa kasalukuyang panahon at maipakita ang pagtataya sa grapikong paraan.

Ang paggamit ng numerikal na pagmamarka at biswal na representasyon ay nakatutulong sa mga mag-aaral na sistematikong ilahad ang kanilang obserbasyon at pagsusuri. Natututong magsagawa ng kwantitatibong pagsusuri sa kwalitatibong datos at gumawa ng grapikong interpretasyon ng mga natuklasan. Sa ganitong paraan, mas malinaw na nakikita ang paglaganap o pagbabago ng estereotipo sa lipunan sa nakaraan at kasalukuyan.

Makikita na nagbibigay-daan ang aktibidad na ito sa mas malalim na pag-unawa sa epekto at pag-iral ng mga estereotipo sa lipunan. Ang pagbibigay ng numerikal na pagmamarka at biswal na representasyon ay nagpapakita ng analitikal na kasanayan sa mga mag-aaral at nagpapalakas ng kakayahang magnilay sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Nabanggit ni Abiva (2024), na ang pagtuturo ng tula ay dapat lumampas sa tradisyonal na pagbasa at pagsusuri ng teksto. Sa halip, kinakailangan ang paggamit ng integratibo at kolaboratibong pamamaraan gaya ng palihan na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa paglikha ng kahulugan. Sa ganitong paraan, ang tula ay nagiging mabisang kasangkapan upang maipahayag ang sariling karanasan, kultura, at pananaw ng mga mag-aaral, kasabay ng pagpapalawak ng kanilang kritikal na pag-iisip at malikhaing kakayahan. Ipinapakita rin na ang pagtuturo ng tula ay hindi lamang nakatuon sa estetika bagkus nakaugat sa lipunan, kasaysayan, at identidad ng mga mag-aaral bilang bahagi ng kanilang pagkatuto at pag-unlad.

Inirerekomenda na regular na isama ang ganitong uri ng gawain upang mahikayat ang mga mag-aaral na obserbahan at suriin ang mga isyung panlipunan gamit ang numerasiyang kasanayan. Maaaring palawakin ang aktibidad sa pamamagitan ng paghahambing ng iba't ibang uri ng estereotipo sa pamamagitan ng *pie chart*, *bar graph*, o *line graph*. Ang pangkatang diskusyon o kolaboratibong pagninilay ay makatutulong upang lalong mapalalim ang pag-unawa at pagpapalitan ng ideya tungkol sa mga epekto ng estereotipo sa kasalukuyang lipunan.

Ibong Adarna Saknong 1007 – 1362

Sa integrasyon ng literasi, ang mga mag-aaral ay maaaring tukuyin ang mga pangyayari sa bahagi ng tula na may kaugnayan sa karanasan ng mga *Overseas Filipino Workers* (OFW). Hinihikayat din na magbahagi ng maikling paliwanag ang pag-uugnay ng mga pangyayaring ito sa buhay at karanasan ng mga OFW.

Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pangyayaring may kaugnayan sa OFW, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri at magkumpara. Natututo masuri ang epekto ng paglisan sa pamilya, sakripisyo, at emosyonal na karanasan ng mga OFW. Bukod dito, napalalawak ang analitikal na kasanayan at empatiya dahil kailangang unawain ang mga damdamin at sitwasyon ng ibang tao batay sa tula.

Makikita na ang aktibidad na ito ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa

sa karanasan ng mga OFW at sa konteksto ng lipunang Pilipino. Ang pagbibigay ng sariling paliwanag ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay natututong magnilay at magbigay ng personal na interpretasyon, na mahalaga sa paglinang ng kritikal at malikhaing pag-iisip.

Inirerekomenda na isama ang ganitong gawain sa pagtuturo ng panitikan upang mahikayat ang mga mag-aaral na maunawaan ang buhay at sakripisyo ng mga OFW. Maaaring palawakin ang aktibidad sa pamamagitan ng pangkatang pagbabahagi o replektibong pagsulat, na maibabahagi ng bawat isa ang

kanilang opinyon at damdamin tungkol sa karanasan ng mga OFW. Ang integrasyon ng mga kagamitang biswal, gaya ng mga larawan at *video clips*, ay nagpapabilis ng pag-unawa at pagpapanatili ng atensyon ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga *multimedia resources* na ito, nagiging mas dinamiko ang proseso ng pagkatuto, na nagbibigay-daan sa mas malinaw na interpretasyon ng mga abstrakto o masalimuot na konsepto.

Sa pamamagitan ng integrasyon ng numerasiya, inaasahan ang mga mag-aaral na makabuo ng isang analitikong rubrik na may kaukulang *numerical* na timbang para sa pagtataya ng isasagawang *shadow play*. Ang paglalapat ng mga deskriptibong naratibo sa bawat kriterya tulad ng teknikal na pagganap, estratehikong paggamit ng mga kagamitan, at artikulasyon ng mensahe ay esensyal upang matiyak ang isang obhetibo at estandarisadong pagsukat sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral.

Ang pagbuo at paggamit ng numerikal na rubrik ay nagsisilbing isang estratehikong mekanismo upang linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa sistematikong pagsusuri at obhetibong pagtataya sa kalidad ng sariling awtput pati na rin ang gawa ng kanilang kapwa. Natututong magbigay ng konkretong pamantayan, magtalaga ng halaga, at magsuri batay sa mga malinaw na pamantayan. Ang ganitong gawain na nagpapalawak ng kanilang analitikal, pagsusuri, at kasanayan sa pagpapasya. Makikita na ang aktibidad na ito ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa sa proseso ng pagtataya at kritikal na pagsusuri. Ang paglalapat ng deskriptibong paliwanag sa bawat aspekto ng rubrik ay isang manipestasyon ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pagninilay.

Kung kaya't ito ay nagbigay ng iba't ibang dimensiyon at katangian ng diaspora; Dispersiyon mula sa Tinubuang-bayan, Proseso ng Diasporisasyon, Patuloy na Ugnayan sa Tinubuang-bayan, Ideal na Pagbabalik, at Kamalayang Pangkasama. Ang mga dimensiyong ito ay nagbigay ng paglalarawaran sa kontekstong dinaranas ng mga Pilipino sa paglisan sa Tinubuang-lupa. Pinatutunayan ng pag-aaral na ang literasi ay isang mekanismo ng kultural na pagbabago na lumalampas sa payak na pagbasa at pagsulat. Sa pamamagitan ng akdang Ibong Adarna, ginagamit ang karunungan-bayan bilang lunsaran upang mapanuring masuri ang penomenon ng diaspora at ang sosyo-kultural na realidad ng mga Pilipino sa global na konteksto.

Inirerekomenda na isama ang ganitong uri ng gawain sa pagtuturo ng sining ng pagtatanghal o anumang proyekto upang mahikayat ang mga mag-aaral na gumamit ng numerasiya sa pagtataya. Maaaring palawakin ang aktibidad sa pamamagitan ng peer evaluation o group discussion, upang maibahagi at mapag-uusapan ng mga mag-aaral ang pamantayan at dahilan sa pagbibigay ng numerikal na marka. Ang ganitong paraan ay nakatutulong sa pagpapalakas ng analitikal at kasanayang kolaboratibo.

Ibong Adarna Saknong 1363-1717

Sa bahagi ng literasi, ang mga mag-aaral ay maaaring isagawa ang pangkatang paglikha ng iskrip bilang paghahanda sa isasagawang *shadow play*. Sa pamamagitan ng gawaing ito, nahahasa ang kakayahan sa malikhaing pagsulat at pagpapalano ng kuwento, diyologo, at daloy ng eksena.

Nakatutulong ang paggawa ng iskrip sa mga mag-aaral na magsanay sa organisadong pagpapahayag ng ideya at mensahe. Natututong isaalang-alang ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari, pagbuo ng karakter, at tamang paggamit ng wika upang maipahayag ang emosyon at tema ng kuwento. Bukod dito, nahahasa ang kanilang kasanayang kolaboratibo dahil kailangang makipag-ugnayan at magdesisyon bilang isang grupo.



Makikita na ang aktibidad na ito ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa sa proseso ng malikhaing pagsulat at presentasyon. Ang pagbubuo ng iskrip ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagiging aktibong kalahok sa paglikha ng kuwento at sa pagpapahayag ng mensaheng mahalaga sa paglinang ng kritikal at malikhaing pag-iisip.

Inirerekomenda na gawing regular na bahagi ng pagtuturo ang pagsulat ng iskrip para sa anumang proyekto sa panitikan o sining ng pagtatanghal. Maaaring palawakin ang aktibidad sa pamamagitan ng pagsusuri sa gawa ng kapuwa mag-aaral o pagpapalitan ng ideya sa pagitan ng mga grupo upang mapabuti ang kalidad ng iskrip. Ang paggamit ng storyboard o biswal na kagamitan ay makatutulong upang mas malinaw at mas organisado ang presentasyon ng kuwento.

Sa integrasyon ng numerasiya, ang mga mag-aaral ay maaaring magsagawa ng pagsusuri sa gawa ng kapuwa mag-aaral at ebalwasyon sa nalikhang iskrip ng bawat pangkat batay sa itinalaga ang numerical rubric o pamantayan. Hinihikayat na magbigay ng numerikal na marka at maikling paliwanag para sa bawat aspekto ng pamantayang sinusuri, tulad ng kalidad ng kuwento, diyalogo, at organisasyon ng eksena.

Ang pagsusuri sa gawa ng kapuwa mag-aaral gamit ang numerikal na pagmamarka ay nakatutulong sa mga mag-aaral na magsuri ng gawa ng kapuwa sa sistematikong paraan. Natututong magsagawa ng kwantitatibong pagsusuri sa kwalitatibong datos, magsuri batay sa malinaw na pamantayan, at magbigay ng makatarungang hatol. Bukod dito, nahahasa rin ang analitikal at mapanuring kasanayan, pati na ang kakayahang makipagtulungan at makinig sa opinyon ng iba.

Makikita na ang aktibidad na ito ay nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa proseso ng pagtataya at kritikal na pagsusuri. Ang pagbibigay ng numerikal na marka at paliwanag ay nagpapakita na natututong magnilay hindi lamang sa sariling gawa bagkus pati na rin sa gawa ng kapuwa, na mahalaga sa pagpapalakas ng analitikal at kasanayan sa pakikipagkapuwa.

Sa *Write to Learn*, binibigyan ng pagkakataon ang mga batang nasa Unang Baitang na gumamit ng iba't ibang kasangkapang *Information and Communication Technology* upang makapagsulat ng mga teksto at pagkatapos ay talakayin at baguhin kasama ang mga kaklase at guro gamit ang digital na real-time na pormasyong puna at pagtatasa. Ang pangunahing salik ng pagkatuto na tinutugunan dito ay sa matematika at maging sa literasi, na ang nakasulat na komunikasyon ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na makipag-ugnayan sa kapuwa mag-aaral at guro. Ipinapakita ng *WTL* ang pinakahigit na positibong resulta ay mas mataas sa pangkalahatang marka sa literasi at matematika, mas maliit na agwat ng kasarian, at higit na magandang resulta para sa mga mag-aaral na mahina ang pagganap.

Ang konseptuwal na artikulo ni Creely (2019), nagsusuri sa karanasang batayan ng tula at ang malalim na ugnayan sa pakikilahok ng tao sa mundo at kapuwa bilang pundasyon sa pagbubuo ng alternatibong pedagogikal na balangkas para sa mabisang pagtuturo ng tula. Itinatampok ang pagbaba ng halaga ng pagtuturo ng tula sa mga paaralan, na inuugnay sa pagbibigay-diin sa mas nagagamit na literasi kaysa malikhaing at personal na anyo ng pagsulat, gayundin sa pananaw na ang tula ay nakababagot at elitista. Sa pamamagitan ng penomenolohikal na dulong at mga halimbawang hango sa panulaan ni T.S. Eliot (1943), naglatag ang may-akda ng apat na prinsipyong magsisilbing batayan ng pedagogikal na modelo: (1) pagmomodelo ng guro sa pagbasa, pagsulat, at pagtatanghal ng tula; (2) integrasyon ng tula sa iba't ibang disiplina at pagbibigay rito ng sentral na lugar sa kurikulum; (3) pagsentrong muli sa aktuwal na lugar at paraan ng pagbasa, pagsusulat, at pagtatanghal ng mga mag-aaral, kabilang ang third spaces; at (4) paghamon sa tradisyonal na pananaw sa pagbuo ng tula at pagtataguyod ng mas radikal at disruptibong

pedagohiya. Ang mga prinsipyong ito ay naglalayong hikayatin ang higit na partisipasyon at pagmamay-ari ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusulat, paggawa, at pagbabahagi ng tula, at idinisenyo upang magamit sa parehong balangkas ng polisiya at sa praktika ng literacy sa silid-aralan.

Inirerekomenda na isama ang ganitong gawain sa anumang proyekto na may malikhaing awtput upang mahikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang kasanayan sa numerasiya sa pagsusuri. Maaaring palawakin ang aktibidad sa pamamagitan ng group discussion o collaborative reflection upang talakayin ang mga obserbasyon at dahilan sa pagbibigay ng numerikal na marka. Ang ganitong paraan ay nakatutulong sa pagpapalalim ng kritikal na pag-iisip at pagpapahusay ng kooperasyon. Dagdag pa rito, nalilinaang din ang kanilang kakayahang magpaliwanag at magbigay-katwiran sa kanilang mga pasya batay sa datos at ebidensya.

Ipinapakita ng talahanayan 11 ang padokumentong pagsusuri (Content Analysis) batay sa gabay pangkurikulum ng MATATAG Kurikulum sa ikapitong baitang. Ang datos nakatuon kung mayroong Ganap na Integrasyon (GI). Bahagyang Integrasyon (BI), o Walang Integrasyon (WI) ang numerasiya at literasi sa pagtuturo ng mga tula, dula, at karunungan-bayan sa Una, Ikatlo, at Ikaapat na Markahan.

Batay sa lumabas na resulta, nangibabaw ang integrasyon ng literasi sa lahat ng aralin sa Filipino na nakatuon sa mga makrong kasanayan, pag-aanalisa, pagbasa, pagpapalawak ng bokabularyo, pag-unawa, maging pagsusuri sa mensahe at talinhaga. Kalimitang isasama ang numerasiya sa mga aralin o may Ganap na Integrasyon (GI) kapag nagsasagawa ng pagbibilang ng pantig at pagsusuri ng sukat ng tula tulad ng Awit na mayroong 12 na pantig, Korido na mayroong 8 pantig, at Tanaga na mayroon naman na 7 na pantig. samantala, ang mga aralin naman tulad ng Awit ng Rebolusyon ay nanatili lamang sa Bahagyang Integrasyon (BI) dahil sa kawalan ng integrasyon ng pagpraktikal ng matematikal na konsepto sa mga gawain.

Talahanayan 11

Kabuoang Lingguhang Aralin sa Filipino tungo sa Mabisang Integrasyon ng Numerasiya at Literasi

Markahan at Aralin	Paksa	Integrasyon ng Literacy	Integrasyon ng Numeracy	Antas ng Integrasyon
Unang Markahan Aralin 2	Karunungan-bayan (Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain)	Pagbabasa, pagsusuri, at pag-uugnay ng karunungan-bayan sa karanasan.	Pagsusuri sa katangian partikular na ang sukat o bilang ng pantig.	Ganap na Integrasyon (GI)
Ikatlong Markahan Aralin 3	Dula, Senakulo, Moro-moro, Awit at Korido	Malalim na pag-unawa at panunuri sa panitikan at kritikal na pagbasa.	Pagsusuri sa sukat ng Awit at Korido (mga tulang pasalaysay).	Ganap na Integrasyon (GI)
Ikatlong Markahan Aralin 4	Mga Awit ng Rebolusyon laban sa mga Kastila	Pagkilatis at pagbibigay-puna sa liriko ng Awit at mga simbolismo.	Wala (Walang palatandaan ng gawaing pamilang).	Bahagyang Integrasyon (BI)
Ikaapat na Markahan Aralin 1	Ibong Adarna (Saknong 1-6)	Paunang kaalaman, pagsasanay sa bokabularyo, panunuri, at pagninilay sa aralin.	Wala	Bahagyang Integrasyon (BI)
Ikaapat na Markahan Aralin 2	Ibong Adarna (Saknong 7-215)	Malalim na pag-unawa, pagsagot sa gabay na tanong, at pagsulat ng sariling tula.	Pagsulat ng sariling tulang may wawaluhing sukat.	Bahagyang Integrasyon (BI)
Ikaapat na Markahan Aralin 3	Ibong Adarna (Saknong 216-442)	Pagsusuri sa talinhaga, simbolismo, at malalim na pag-unawa sa nilalaman.	Pagkilala sa sukat at elemento ng Korido.	Bahagyang Integrasyon (BI)

Ikaapat na Markahan Aralin 4	Ibong Adama (Saknong 443–729)	Pag-unawa sa damdamin ng mga tauhan at takbo ng salaysay.	Paggamit ng line graph upang ilarawan at orasan ang pag-akyat-baba ng emosyon at damdamin.	Ganap na Integrasyon (GI)
Ikaapat na Markahan Aralin 5	Ibong Adama (Saknong 730–1006)	Pagsulat ng tula tungkol sa kababaihan na kinapapalooban ng tugma at tayutay.	Pagbilang ng pantig, pattern recognition, at istriktong pagbibigay-tuon sa sukat.	Ganap na Integrasyon (GI)
Ikaapat na Markahan Aralin 6	Ibong Adama (Saknong 1007–1362)	Pagsusuri sa mga masalimuot na desisyon, sitwasyon, at pag-uugali ng mga tauhan.	Paggamit ng numerikal na marka at biswal na representasyon upang suriin ang kabutihan o kasamaan ng tauhan.	Ganap na Integrasyon (GI)
Ikaapat na Markahan Aralin 7	Ibong Adama (Saknong 1363–1717)	Pagbigkas ng tula, pagsulat ng iskrip, pagtatanghal ng shadow play, at pagsulat ng pagninilay.	Wala.	Bahagyang Integrasyon (BI)

Pakahulugan:

WI - Walang Integrasyon (Walang palatandaan ng mga gawaing may kaugnayan sa numeracy o literacy)

BI – Bahagyang Integrasyon (Mayroon lamang alinman sa literacy o numeracy)

GI – Ganap na Integrasyon (Naipagsasama ang parehong literacy at numeracy)

Ipinapakita lamang na hindi nagkakaroon ng pagsasanib ng numerasiya sa pagtuturo ng Filipino lalo na sa konsepto ng tula. May malaking gampanin ang guro sa pagbuo ng isang pedagohikal na konsepto upang magawan ng paraan ang pagsasanib ng konseptong matematikal sa pagtuturo ng tula at panitikan. Sa konteksto ng asignaturang Filipino, ang numerasiya ay hindi lamang nakatuon sa pagkalkula o pagbibilang ngunit tumutukoy ito sa kakayahang bigyang pakahulugan ang datos, lohikal na pag-iisip, maging numero batay sa paksang aralin. Tulad na lamang ng estruktura ng pagpapalalim sa estetika ng tula ay nagpapakita ma ang panitikan ay may anyong numerasiya at literasi. Samakatuwid, mayroong malaking gampanin ang guro at kinauukulan upang maging garantiya ang magandang resulta ng pagpapataas ng numerasiya at literasi sa pagtuturo lalo na ang mga gawain at estratehiyang gagamitin ng guro upang maging kawili-wili at inklusibo ang talakayan.

Sa pagsusuring ginawa nina Bantaculo at Abelito (2025), batay sa karanasan ng guro sa pagtuturo ng Ingles na may integrasyon ng numerasiya. Lumabas sa kanilang pag-aaral na kailangan ng masusing plano ng mga aralin. Lumabas din na epektibo ang numerasiya kung gumagamit ng grap at estadistika. Kung kaya't sa kasalukuyang pag-aaral ay dapat na mabusisi ang pagplano batay sa kontekstuwalisadong halimbawang aralin na binuong interdisiplinaryo ang disenyo ng aralin ng Filipino at Numerasiya. Sa pag-aaral nina Andriani et al. (2025), binigyang-pansin ang *Project-Based Learning* at *Mastery Learning* batay sa pagpapaunlad ng numerasiya ng mga mag-aaral sa sekondarya. Ito ang nagbigay ng pagkakataon sa mag-aaral na galugarin ang konsepto ng numerikal batay sa konseptuwal na mga gawain. Samantala ang *Mastery Learning*, tiyak na naunawan ng mag-aaral ang konsepto bago magpatulo sa susunod na aralin. Sa kasalukuyang pag-aaral batay sa pagsusuri ng tula upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral ay kailangang natutukoy ang sukat maging ang matematikal na kalkulasyon batay sa praktikal na mga gawain. Sa pag-aaral naman nina Kilag et al. (2023), binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng maagap at personalisadong interbensyon sa pamamagitan ng Response to Intervention (RTI) at de-kalidad na

programang pre-school bilang susi sa pagpigil sa pangmatagalang suliranin sa pagbasa. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na sa pamamagitan ng personalisadong remedasyon at inobatibong estratehiya, nagiging posible ang pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa at pagbubukas ng higit na oportunidad para sa mas maliwanag na kinabukasan ng mga mag-aaral na layunin ng kasalukuyang pananaliksik. Ipinakita naman ng resulta ng pananaliksik nina Castillo et al. (2021), na kailangang palawakin ang pamamaraan ng pagtuturo ng tula upang hindi lamang nakasentro sa pormalistiko o tekstuwal na pagsusuri. Mahalagang gumamit ng mas makabago, interaktibo, at malikhaing estratehiya tulad ng palihan, kolaboratibong diskurso, at integrasyon ng sosyo-historikal na pananaw upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapakahulugan ng tula. Sa pag-aaral, ang integrasyon ng numerasiya at literasi ay mismong manipestasyon ng pagpapalawak sa mga pormal na pagsusuri ng tula. Ipinakita ng mga natuklasan nina Rajuroy at Britney (2025), na ang kakulangan sa mga kagamitang panturo ay malaking bilang ng mga mag-aaral sa klase, at mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalagayang panlipunan at pang-ekonomiya na humahadlang sa pag-unlad ng literasi. Bukod dito, lumilitaw na napakahalaga ng papel ng pagsasanay ng guro at suporta ng mga magulang sa pagpapaunlad ng kasanayang ito. Samakatuwid, ang pag-aaral ay nagpakita ng pangangailangan sa paglikha ng bagong interbesiyon.

Samakatuwid, batid na may malinaw na integrasyon ng literasi sa mga gawin na kabaligtaran sa numerasiya kung kaya't kailangang magsagawa ng interdisiplinaryong estratehiya sa pagtuturo halimbawa na lamang ang pagbuo ng mga talahanayan ng pagbibilang ng pantig, paghahambing ng mga tugmaan, pagsasagawa ng mga ritmo upang lubusang maunawaan ang konsepto ng matematika sa pagsasagawa ng integrasyon sa pagtuturo. Malaking tulong ang numerikal na representasyon tulad ng paggamit ng mga grapikong presentasyon at ang paggamit ng modelong "PUNLA" (Panulaan sa Ugnayang Numerasiya at Literasi sa Aralin) bilang gabay upang tahasang maisama ang mga kasanayan sa wika at matematika sa anumang asignatura, lalo na sa mga paksang may malikhaing awtput.

Halimbawang Aralin (Lesson Exemplar) para sa Integrasyon ng Numerasiya at Literasi sa Pagtuturo ng Tula

Sa kabuoan ng pagbuo ng halimbawang aralin, kasangkapan bilang gabay ang modelong IPO (*Input-Process-Output*). Pinagbatayan ang mga natukoy na pagkakaroon at kawalan ng integrasyon ng numeracy at literacy sa mga sinuring lingguhang aralin sa Filipino 7, gayundin ang mga napalitaw na potensiyal na paglinang sa mga ito. Batay rito, bumuo ang mananaliksik ng kalipunan ng mga *lesson exemplar* o halimbawang aralin sa pagtuturo ng tula na nagtataglay ng mabisang integrasyon ng numerasiya at literasi. Ang PUNLA o Panulaan sa Ugnayang Numerasiya at Literasi sa mga Aralin ang nabuong kalipunan ng mga *lesson exemplar* na nakatuon sa pagpapayabong ng mga kasanayan sa numerasiya at literasi ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng panitikan, partikular ng tula. Nilalayon na ipakita na ang pagtuturo ng panitikan na hindi lamang nakatuon sa wika, damdamin, at kultura, bagkus maaaring maging daan upang malinang ang lohikal at analitikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa kabuoan ng dokumento, ipinakikita ang iba't ibang aralin mula sa Karunungan-bayan, Awit at Korido, Mga Awit ng Rebolusyon, hanggang sa Ibong Adarna, na bawat isa ay may kasamang gawaing nagtataguyod ng integrasyon ng numerasiya at literasi.

Ang PUNLA ay hindi lumalabag sa anumang batas o kautusan mula sa Kagawaran ng Eukasyon, bagkus isang paraan ng pagpapayaman at pagpapalakas ng mga mandato na nakasaad na sa mga umiiral na patakaran. Makikita sa talahanayan 12, ang naging mga basehan ng pag-aaral sa pagbuo ng naging awtput ng pag-aaral, ang PUNLA.

Talahanayan 12
Batayan ng PUNLA Bilang Awtput ng Pag-aaral

Aspekto	Lesson Exemplar sa G7 Filipino (MATATAG)	PUNLA (Panulaan sa Ugnayang Numerasiya at Literasi sa Aralin)	Basehan/Dokumento
Layunin	Makamit ang mga learning competencies ng Filipino G7, batayan sa pagsusuri ng tula at paggamit ng gramatika	Makamit ang Learning competencies sa Filipino kasabay ng tahasang integrasyon ng Numerasiya at Literasi	Republic Act 10533 (K to 12 Law) DepEd Order (DO) / MATATAG Curriculum Guide
Paggamit ng Literacy	Pagsusuri ng Nilalaman, Tema, at Simbolismo.	Pagsusuri ng Estilo at Tekstuwal na katibayan na gagamitin bilang suporta sa literasi at numerical na datos	DO No. 12, s. 2024.
Paggamit ng Numeracy	Limitado lamang sa pagbilang ng pantig (sukat) at pagtukoy ng tugmaan (pattern recognition)	Ang Numerasiya ginagamit para sa interpretasyon tulad ng pagtataya ng karakter gamit ang rating scales at frequency tsarts, at ebalwasyon	DO No. 034, s. 2022 (Basic Education Development Plan 2030)
Ebalwasyon	Paggamit ng rubrik na nakatuon sa nilalaman at kalidad ng performans	Paggamit ng Numerical na Rubrik para sa pagsusuri sa gawa ng kapuwa mag-aaral at self-assessment, na nagbibigay ng obhetibo at kwantitatibong batayan sa pagmamarka at fedbak	DO No. 8, s. 2015 (Policy Guidelines on Classroom Assessment)

Batay sa MATATAG Kurikulum at *Enhanced Basic Education Act of 2013*, tiniyak na sumusunod ang PUNLA sa mga itinakdang *learning competencies* para sa asignaturang Filipino sa baitang 7, ang kaibahan lamang nito ay hindi sa nilalaman sa halip ay sa pedagohiya o paraan ng pagtuturo. Samantala ang Republic Act 10533 o mas kilala bilang K to 12 Law na nagtatatag ng kurikulum. Bilang tugon sa DO no. 12, s. 2024 o ang MATATAG Kurikulum, binigyang pansin ang pagpapalakas ng literasi, kasanayan sa pag-iisip, at pagiging interdisiplinaryo, sa konteksto ng PUNLA na direktang tumugon sa layunin ng MATATAG Kurikulum na palakasin ang batayang kasanayan tulad ng numerasiya at literasi. Ang PUNLA ay sumasagot sa tanong na "Paano magagamit ang Numerasiya upang palakasin ang Literasi sa konteksto ng tula?"

Ayon pa sa DO no. 034,s. 2022 o Basic Education Development Plan 2030, naglalayong mapabuti ang tunguhin ng pagkatuto at performance ng mga mag-aaral sa numerasiya at literasi, sinusuportahan ng PUNLA ang paglinang ng kritikal na pag-iisip, mga datos sa numerasiya at literasi na mahalaga sa konteksto ng modernong edukasyon bilang pandaigdigan, pambansang plano, at paghahanda sa ika-21 siglong kasanayan sa paggamit ng mga datos bilang biswalisasyon at numerikal na analisis.

Samakatuwid, ang PUNLA ay isang inobasyon na ang basehan o dokumento ay ang mismong mga patakarang naghihikeyat sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng malalim, analitikal, at interdisiplinaryong lapit. Sa konteksto ng ebalwasyon, sa MATATAG Kurikulum ang paggamit ng rubrik ay nakatuon sa nilalaman at kalidad ng pagganap ng mga mag-aaral, sa PUNLA, ang paggamit ng numerikal na rubrik para sa pagsusuri sa gawa ng kapuwa mag-aaral at pansariling pagtataya ay nagbibigay ng obhetibo at kwantitatibong batayan sa pagmamarka at puna na sumasang-ayon sa DO no.

8, s. 2015 o ang *Policy Guidelines on Classroom Assessment*. Bukod dito, dinisenyo ang mga halimbawang aralin ayon sa balangkas na *5Es Instructional Model* na binubuo ng Engage, Explore, Explain, Elaborate, at Evaluate. Ipinapakita ng modelong ito ang konstruktibismong pananaw sa pagkatuto kung saan aktibong binubuo ng mga mag-aaral ang kaalaman sa pamamagitan ng karanasan at pakikilahok. Binanggit ng Kagawaran ng Edukasyon (2023), na dapat ay nakasentro sa mag-aaral, kontekstuwalisado, at nagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto ang mga aralin sa ilalim ng MATATAG Kurikulum.

Makikita sa Figura 4 na sa unang bahagi ng *Engage*, gagamit ng guro ang mga larawan at bugtong upang pukawin ang interes ng mga mag-aaral at maiugnay ang aralin sa kanilang dating kaalaman. Magbibigay ang guro ng mga tanong na nakatuon sa obserbasyon at paghahambing upang mahikayat ang mga mag-aaral na magbahagi ng sariling ideya. Hindi agad ibibigay ang pormal na konsepto upang mabigyan sila ng pagkakataong makabuo ng paunang pag-unawa. Ayon sa Organisation for Economic Co-operation and Development (2021), mahalaga ang pag-activate ng dating kaalaman upang maging makabuluhan at epektibo ang pagkatuto.

Sa bahaging Explore, hahatiin ng guro ang klase batay sa pagpapangkat at bibigyan ang bawat grupo ng iba't ibang halimbawa ng karunungan-bayan upang suriin. Tatalakayin ng mga mag-aaral ang kahulugan, simbolismo, at kaugnayan nito sa kasalukuyang buhay. Hindi dapat magbibigay ang guro ng agarang paliwanag sa yugtong ito upang mahikayat ang aktibong pagtuklas at kolaborasyon. Ipinapakita na ang ganitong gawain ay *learner-centered* na pamamaraan na nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip at pakikipagtulungan. Ayon sa UNESCO (2021), mahalaga ang kolaboratibong pagkatuto sa paglinang ng malalim na pag-unawa at kasanayang panlipunan ng mga mag-aaral, paglalagom sa mga ideyang nabuo mula sa naunang gawain. Pinagsama sa bahaging ito ang sariling interpretasyon ng mga mag-aaral at ang pormal na kaalamang pang- akademiko. Nakatutulong ang ganitong proseso upang maitama ang maling konsepto at mapalalim ang pag-unawa sa aralin. Binibigyang-diin sa MATATAG Kurikulum na mahalaga ang gabay ng guro sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip at pag-unawa sa teksto.




Figura 4. 5Es Instructional Model




Figura 5. 5Es Instructional Model

[illegible]

Pigura 6. 5Es Instructional Model

[illegible]

Pigura 7. 5Es Instructional Model

Sa *Explain*, susuriin ng mga mag-aaral ang mga salawikain upang matukoy ang talinghaga at nakatagong kahulugan. Magbibigay ang guro ng paglililaw at paglalagom sa mga ideyang nabuo mula sa naunang gawain. Pinagsama sa bahaging ito ang sariling interpretasyon ng mga mag-aaral at ang pormal na kaalamang pang-akademiko. Nakatutulong ang ganitong proseso upang Maitama ang maling konsepto at mapalalim ang pag-unawa ng aralin. Binibigyang-diin sa MATATAG Curriculum na mahalaga ang gabay ng guro sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip at pag-unawa sa teksto.

Sa *Elaborate*, palalawakin ng guro ang pagkatuto sa pamamagitan ng paglalapat ng mga salawikain sa personal na karanasan ng mga mag-aaral. Pag-iisipan ang mga nararanasan sa bawat mensahe ng mga pahayag at ipaliliwanag ang sagot. Sa ibang bahagi ng aralin, hihikayating lumikha ng sariling tanaga. Ipinapakita ng mga gawaing ito ang aplikasyon ng kaalaman sa bagong sitwasyon at ang paglinang ng pagkamalikhain. Ayon sa OECD (2021), nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag naiuugnay sa tunay na karanasan ng mag-aaral at nagagamit sa iba’t ibang konteksto.

Sa *Evaluate*, susukatin ng guro ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagkilala sa uri ng karunungan-bayan at paglikha ng sariling tanaga na sinusuri gamit ang rubrik. Pinagsama sa bahaging ito ang kaalamang natutuhan at ang kakayahang mailapat ito samatematikal, at iba't ibang aspekto ng literasi kabilang ang kamalayan sa tunog, poniks, kahusayan sa pagbasa malikhaing gawain. Ayon sa DepEd (2023), ang paggamit ng pagtatayang nakabatay sa pagganap na umaayon sa layunin ng makabagong kurikulum na masukat hindi lamang ang kaalaman bagkus pati ang kasanayan at pag-unawa ng mag-aaral.

Sa masusing pagsusuri, makikita na ang halimbawang aralin ay nakabatay sa integratibong dulog sa pagtuturo, kung saan ang mag-aaral at ang kanilang pundamental na kasanayan ang sentro ng pagkatuto. Ang integrasyon ng literasi ay malinaw na nakatuon sa pagpapayaman ng bokabularyo, pag-unawa sa simbolo, pahiwatig, at mensahe ng mga tekstong pampanitikan. Pinahalalagahan din ang kakayahang magpahayag at magsuri sa sariling pananaw, gaya ng pagsulat ng sariling Tanaga o pagbibigay-

interpretasyon sa mga saknong ng tula. Sa kabilang banda, ang integrasyon ng numerasiya ay isinasagawa sa mga gawaing tulad ng pagbibilang ng pantig, pagtukoy ng sukat at tugmaan, paggawa ng grap, at pagbibigay ng numerikal na pagtataya. Sa pamamagitan nito, ang mga konsepto ng matematika gaya ng *pattern recognition*, *quantitative reasoning*, at *data interpretation* ay nagagamit sa malikhaing paraan. Sa halip na ituring na dalawang magkaibang larangan, ang numerasiya at literasi ay pinagbubuklod upang magkaroon ng integratibong dulong sa isang kapaligirang panturo na naghahasa sa pag-iisip, pagdama, at paglikha. Ang ganitong ugnayan ay nagpapakita ng inobasyon sa kurikulum na umaayon sa layuning mahubog ang mga mag-aaral na maging marunong sa pag-isip nang kritikal, pagpapaliwanag nang lohikal, at pag-unawa sa makabuluhang ugnayan ng wika, numero, at kultura.

Mula sa nilalaman at mga halimbawa ng aralin sa PUNLA, malinaw na ipinakikita ng halimbawang aralin na ang integrasyon ng numerasiya at literasi ay hindi lamang metodolohikal na inobasyon, bagkus isang hakbang na naglalayong linangin ang holistikong katayuan ng mag-aaral. Sa kontekstong ito, ang literasi ay higit sa kakayahang bumasa at sumulat dahil ito ay ang kakayahang unawain ang wika, kultura, at lipunan sa mas malalim na antas. Samantalang ang numerasiya ay hindi na lamang simpleng kakayahang magbilang, bagkus kasanayan sa paggamit ng datos, lohika, at analitikal na pag-iisip upang maunawaan ang mundo. Sa pamamagitan ng mga integratibong gawain, natututo ang mga mag-aaral na magbasa nang may pagninilay, magpahayag nang may katwiran, at mag-analisa ng mga simbolo at numero bilang magkaugnay na paraan ng pag-unawa.

Bilang rekomendasyon, mainam na gamitin ng mga guro ang lesson exemplar na ito bilang huwaran sa pagdidisenyo ng sariling mga aralin. Mainam na hikayating lumikha ng mga gawaing may interdisiplinaryong ugnayan upang maisulong ang parehong kasanayan sa wika at matematika sa loob ng anumang asignatura. Maaaring isama sa mga pagsasanay ang paggamit ng mga datos, grap, at estadistika sa pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan o panlipunan, gayundin ang pagsasalin ng mga kaisipan sa biswal o numerikal na paraan upang higit na mapalalim ang pag-unawa. Iminumungkahi na magkaroon ng mga pagsasanay para sa mga guro upang matutuhan ang mabisang pagsasagawa ang integrasyon sa kanilang mga klase. Dapat na hikayating gamitin ang teknolohiya at malikhaing midya upang makabuo ng mga awtput na tumutugon sa kakayahan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo. Sa huli, mahalagang isulong ng mga paaralan at administrador ang ganitong uri ng pedagohiya sapagkat ito ang nagtataguyod ng kritik at analitikal, at mapanuring pag-iisip na mga kasanayang kinakailangan upang makasabay ang kabataang Pilipino sa mabilis na pagbabago ng mundo.

Ipinapakita ng Talahanayan 13 na nakapagtago ng mataas na antas ng katanggapan ang nabuong *Lesson Exemplar*, na may kabuoang mean na 3.96 na may konteksto ng gawain, nilalaman ng numerasiya, representasyon ng impormasyong, bokabularyo, at pag-unawa nakapagtala ng mean na 4.0.

Talahanayan 13

Resulta ng Balidasyon sa Antas ng Katanggapan sa Nabuong Lesson Exemplar

Pamantayan	Mean	Interpretasyon
Integrasyon ng Numerasiya		
Context (Konteksto ng Gawain)	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Responses (Uri ng Gawaing Inaasahan sa Mag-aaral)	3.67	Lubos na Katanggap-tanggap
Mathematical Content / Information / Ideas (Nilalaman ng Numerasiya na Nakapaloob sa Aralin)	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Representations of Mathematical Information (Paraan ng Paglalahad ng Numerikal na Impormasyon)	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Integrasyon ng Literasi		
Phonemic Awareness (Kamalayan sa Tunog ng Wika)	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Phonics (Ugnayan ng Tunog at Simbolo)	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Fluency (Kahusayan sa Pagbasa)	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Vocabulary (Bokabularyo at Kahulugan ng Wika)	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Comprehension (Pag-unawa sa Teksto)	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Kabuoang Mean	3.96	Lubos na Katanggap-tanggap

Pakahulugan

- 3.50 – 4.00 Lubos na Katanggap-Tanggap
- 2.50 – 3.49 Katanggap-Tanggap
- 1.50 – 2.49 Hindi Gaanong Katanggap-Tanggap
- 1.00 – 1.49 Hindi Katanggap-Tanggap

Tanging uri ng gawaing inaasahan sa mag-aaral ang may bahagyang mas mababang mean na 3.67, bagaman interpretasyong Lubos na Katanggap-tanggap. Halos lahat ng pamantayan tulad ng nananatili sa parehong interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na komprehensibo at balanseng nailapat ang mga sangkap ng numerasiya at literasi sa aralin, lalo na sa konteksto ng pagtuturo ng tula kaya mahalaga ang sabayang paglinang sa pag-unawa sa wika at sa kakayahang magproseso ng impormasyon, kabilang ang numerikal na datos kung mayroon man. Makikita sa datos na naging matatag ang integrasyon ng mga kasanayang pangwika at pangnumerikal sa disenyo ng aralin. Ang mataas na marka sa mga komponent ng literasi ay nagpapahiwatig na ang *Lesson Exemplar* ay nakatuon sa malalim na paglinang ng pagbasa at pag-unawa sa tula, samantalang ang mataas na marka sa mathematical content at representations ay nagpapakita na naisama ang mga elementong numerikal sa paraang makabuluhan sa konteksto ng teksto. Ang bahagyang mas mababang marka sa responses ay maaaring nagpapahiwatig na may puwang para sa mas iba-ibang gawain na magbibigay-daan sa aktibong paggamit ng parehong literasi at numerasiya. Gayunman, nananatiling mataas ang antas ng kalidad ng mga gawain, na mahalaga sa pagtuturo ng tula dahil

nangangailangan ito ng interpretasyon, pagsusuri, at malikhaing pag-iisip.

Batay sa resulta, maituturing na lubos na katanggap-tanggap ang nabuong *Lesson Exemplar* bilang kagamitan sa integratibong pagtuturo. Ang mataas na katanggapan sa lahat ng dimensiyon ay nagpapakita na posible ang sabayang paglinang ng numerasiya at literasi kahit sa isang tekstong pampanitikan tulad ng tula. Ipinahihiwatig na ang pag-unawa sa tula hindi lamang nakasalalay sa damdamin at estetika bagkus maaaring suportahan ng lohikal na pagpoproseso, pagkilala sa padron, at pag-oorganisa ng impormasyon, mga kasanayang karaniwang iniuugnay sa numerasiya.

Samakatuwid, ang aralin ay nagsisilbing halimbawa ng interdisiplinaryong pagtuturo na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo. May mahalagang implikasyon ang resulta sa pagpapalano ng pagtuturo sa Filipino, partikular sa panitikan. Iminumungkahi na ang integrasyon ng numerasiya sa pagtuturo ng tula ay hindi lamang posible bagkus ito ay kapaki-pakinabang pa sa pagpapalalim ng pagkatuto. Maaari itong magsilbing batayan sa pagbuo ng iba pang aralin na nag-uugnay sa wika, panitikan, at lohikal na pag-iisip upang higit na mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral. Para sa mga guro, mahalaga ang ganitong paraan upang mapaunlad hindi lamang ang kasanayang pangwika sa halip ay pati na ang kritikal at analitikal na pag-iisip. Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mataas na antas ng katanggapan ang *Lesson Exemplar* ay may potensiyal na maging mabisang modelo para sa integratibong pagtuturo ng numerasiya at literasi sa pag-aaral ng tula. Bukod dito, nakatutulong ang ganitong integrasyon sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa ugnayan ng anyo at nilalaman ng tula. Sa pamamagitan ng paglalapat ng numerasiya, nagiging mas sistematiko ang pagsusuri sa mga elemento ng akdang pampanitikan tulad ng sukat, tugma, at damdamin. Nagsisilbing tulay upang maiugnay ang abstraktong konsepto ng panitikan sa kongkretong pagsusuri na mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral. Higit pa rito, nahahasa ang kanilang kakayahang gumawa ng obhetibong interpretasyon batay sa datos at ebidensya mula sa teksto. Sa gayon, mas napapalakas ang buong pagkatuto na tumutugon sa pangangailangan ng ika-21 siglong kasanayan. Higit na napapalakas ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral dahil nagiging mas interaktibo ang pagkatuto. Samakatuwid, nakatutulong ito upang makabuo ng mas inklusibo at makabagong kapaligirang pampagkatuto sa asignaturang Filipino.

KONGKLUSYON

Sa pagsusuri ng umiiral na kagamitang panturo ng tula sa Filipino 7 sa ilalim ng MATATAG Kurikulum, binigyang-pansin sa pag-aaral ang antas ng integrasyon ng numerasiya at literasi bilang mahahalagang kasanayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lumitaw sa pagsusuri ang mga kalakasan at limitasyon ng mga kagamitang panturo kaugnay ng dalawang aspektong ito.

1. Numerasiya

Mahihinuha sa pag-aaral na hindi pa ganap na naisasakatuparan ang integrasyon ng numerasiya sa mga umiiral na kagamitang panturo ng tula lalo na sa MATATAG kurikulum ng Filipino 7. Bagaman may ilang pagkakataon na nakapaloob dito, nananatiling limitado lamang sa mga aspektong teknikal tulad ng sukat at bilang ng pantig. Ipinakikita lamang nito na hindi pa lubos na napakikinabangan ang potensiyal ng numerasiya bilang kasangkapan sa mas malalim na pag-unawa at pagsusuri ng panitikan. Samakatuwid, kinakailangan ang mas sistematiko at malikhaing pagdidisenyo ng mga gawain upang maisama ang numerikal at lohikal na pag-iisip sa pagtuturo ng tula, upang maging ganap ang pagkakaroon ng integrasyon nito sa proseso ng pagkatuto.

2. Literasi

Ipinakikita ng pag-aaral na ganap at may matibay na integrasyon ng literasi sa umiiral na kagamitang panturo ng tula. Nakatuon ang lahat ng aralin sa mga kasanayan gaya ng pagbasa, pagsusuri, pagsulat, at pagpapahayag, na nagiging daan upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto at sa mas malawak na kontekstong kultural at panlipunan. Dahil dito, napatutunayan na epektibo ang mga umiiral na kagamitang panturo sa paglinang ng literasi. Gayunpaman, nananatiling hamon ang pagpapanatili ng integrasyon at ang pagpapalawak nito upang maisama ang iba pang kasanayan, partikular ang numerasiya, tungo sa mas holistikong pagkatuto.

Batay sa paglinang ng mga iminungkahing kagamitang panturo ng tula, lumitaw na higit na napalalawak ang integrasyon ng numerasiya at literasi sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa mas mataas na antas ng pag-iisip, pagsusuri, at malikhaing pagkatuto. Ipinakikita ng mga kinalabasan na ang kontekstuwalisado at integratibong mga gawain ay nagiging daan upang maging mas makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino 7.

1. Numerasiya

Mahihinuha sa paglinang ng mga umiiral na kagamitang panturo ng tula na nagiging mas makabuluhan at epektibo ang integrasyon ng numerasiya kapag ito ay inilalapat sa iba't ibang kontekstuwal at analitikal na gawain. Hindi na ito nananatili sa simpleng pagbibilang ng pantig at pagsusuri ng sukat, bagkus napalalawak sa paggamit ng grap, tsart, at numerical na pagtataya upang mailarawan at maunawaan ang damdamin, kilos, at ugnayan sa loob ng akda. Ipinakikita nito na ang numerasiya ay maaaring maging mahalagang kasangkapan sa pagpapalalim ng interpretasyon sa panitikan. Samakatuwid, ang sinadyang pagdidisenyo ng mga gawaing may integrasyong numerikal ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng lohikal at analitikal na pag-iisip sa mga mag-aaral, na nagpapakita ng potensiyal ng numerasiya bilang mahalagang bahagi ng pagtuturo ng tula.

2. Literasi

Ipinakikita ng paglinang ng mga kagamitang panturo na higit pang napalalakas ang literasi sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa kritikal na pagbasa, malalim na pagsusuri, at malikhaing pagpapahayag. Ang pagbibigay-diin sa talinghaga, simbolismo, kontekstong kultural at historikal, at personal na ugnayan sa akda na nagiging daan upang mapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Dahil dito, ang literasi ay hindi lamang nananatili sa batayang kasanayan sa pagbasa at pagsulat bagkus nagiging isang masalimuot na kakayahang kognitibo at komunikatibo. Samakatuwid, ang patuloy at pinalawak na integrasyon ng literasi sa pagtuturo ng tula ay mahalaga upang mahubog ang mga mag-aaral ng mas kritikal, mapanuri, at malikhaing tagapag-isip tungo sa malalim na pagpapahalaga sa wika, panitikan, at kultura.

Rekomendasyon

Bilang rekomendasyon, mainam na gamitin ng mga guro ang *lesson exemplar (PUNLA)* bilang huwaran sa pagdidisenyo ng kanilang sariling mga aralin. Mainam na hikayatin silang lumikha ng mga gawaing may interdisiplinaryong ugnayan upang maisulong ang parehong kasanayan sa wika at matematika sa loob ng anumang asignatura. Maaaring isama sa mga pagsasanay ang paggamit ng mga datos, grap, at estadistika sa pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan o panlipunan, gayundin ang pagsasalin ng mga kaisipan sa biswal o numerikal na paraan upang higit na mapalalim ang pag-unawa. Iminumungkahi rin na magkaroon ng *capacity-building* o *teacher training* para sa mga guro upang matutuhan ang mabisang pagsasagawa ng integrasyon sa kanilang mga klase. Dapat din silang hikayating gamitin ang teknolohiya

at malikhaing midya upang makabuo ng mga awtput na tumutugon sa kakayahan ng mga mag-aaral batay sa ika-21 siglo. Sa huli, mahalagang isulong ng mga paaralan at administrador ang ganitong uri ng pedagohiya sapagkat ito ang nagtataguyod ng kritikal, analitikal, at mapanuring pag-iisip na mga kasanayang kinakailangan upang makasabay ang kabataang Pilipino sa mabilis na pagbabago ng mundo.

SANGGUNIAN

- Abidin, H. Z., & Wai, T. L. K. (2020). Learning poetry: Attitudes and challenges faced by ESL students. *LSP International Journal*, 7(2), 55–69.
- Abiva, R. (2024). Panimulang pagsusuri sa Talipapa: Antolohiya ng mga tulang pambata: Isang meta-dokumentasyon. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 30(1).
- Abracan, M. A., Lasangen, P., Calado, Z. L., Catalino, F., & Terceno, R. (2025). Exploring the impact of educational games on numeracy skill development among the elementary learners: A systematic review. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 5(1), 274–286.
- Abril, J. G., Acerbo, C. T., & Abocejo, F. T. (2022). The Philippine informal reading inventory (Phil-IRI) program: A critical analysis. *Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education (BirLE) Journal*, 5(4), 432–441.
- Amria, M. M., & Basthomib, Y. (2022). Using a “Prosing Poem” strategy in teaching poetry in the EFL context of Indonesia. *TEFLIN Journal: A Publication on the Teaching & Learning of English*, 33(1).
- Andriani, D. N., Wibawa, R. P., Firtriawati, D., Winanda, I., & Saputri, M. A. (2025). Project-based learning based on mastery learning to improve continuous numeracy literacy in high school students: Literature review. *EDUKASIA: Jurnal Pendidikan dan Pembelajaran*, 6(1), 595–610.
- Angkouw, L. G., Oroh, E. Z., Wuntu, C. N., & Maukar, M. (2021). Poetry in English language teaching: A systematic review. In *Proceedings of the International Seminar on Education and Literature* (p. 101).
- Benavides-Varela, S., Butterworth, B., Burgio, F., Arcara, G., Lucangeli, D., & Semenza, C. (2016). Numerical activities and information learned at home link to the exact numeracy skills in 5–6 years-old children. *Frontiers in Psychology*, 7, Article 94. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2016.00094>
- Bergantin, R. (2025). *Pagtuturo ng Noli Me Tangere gamit ang semi-structured digital storytelling: Tugon sa pagtasa at pagtaya sa mga makrong kasanayan* [Di-nailathalang disertasyon]. University of Nueva Caceres.
- Bernardo, A. B. I., Javelosa, J. C., Mendoza, C. P., & Ocampo, A. C. (2020). *Integrated curriculum framework for the Philippines: A discussion paper*. De La Salle University.
- Beymer, A., & Jarvie, S. (2022). I never quite got it, what they meant: An introduction to poetic teaching. *English in Education*, 56(1), 92–103.
- Brumwell, S., & MacFarlane, A. (2020). *Improving numeracy skills of postsecondary students: What is the way forward?* Higher Education Quality Council of Ontario.



- Bruna, C., & Antonella, S. (2019). A methodological proposal for using poetry in the English as a foreign language classroom. *Lenguas Modernas*, (53).
- Cahyana, U., Luhukay, J. R., Lestari, I., Irwanto, I., & Suroso, J. S. (2023). Improving students' literacy and numeracy using mobile game-based learning with augmented reality in chemistry and biology. *International Journal of Interactive Mobile Technologies*, 17(16).
- Castillo, G. H. D., & Abagon, B. S. (2021). *Antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, Taong Panuruan 2020-2021* [Di-nailathalang tesis].
- Chetana Education. (2023). *Importance of numeracy & literacy in early years*. LinkedIn. <https://www.linkedin.com/pulse/importance-numeracy-literacy-early-years-chetanaeducation>
- Coffey, P., & Sharpe, R. (2023). An investigation into the teaching of numeracy in subjects other than mathematics across the curriculum. *International Journal of Mathematical Education in Science and Technology*, 54(5), 860–887.
- Creely, E. (2019). 'Poetry is dying': Creating a (re)new(ed) pedagogical vision for teaching poetry. *The Australian Journal of Language and Literacy*, 42(2), 116–127.
- Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (5th ed.). SAGE Publications.
- Cruz, M., Reyes, A., & Santos, L. (2020). Time pressure and its impact on mathematical performance: A study of Filipino high school students. *Philippine Journal of Education*, 98(2), 45–60.
- Department of Education. (2020). *Early Language, Literacy and Numeracy Program (ELLN)*. <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/ELLN.pdf>
- Department of Education. (2022). *National Achievement Test results in Mathematics*. Department of Education, Manila.
- Department of Education. (2023a). *DepEd to strengthen numeracy, literacy programs, integrate 'peace competencies' in revitalized K to 12*. <https://www.deped.gov.ph/2023/02/02/deped-to-strengthen-numeracy-literacy-programs-integrate-peace-competencies-in-revitalized-k-to-12/>
- Department of Education. (2023b). *Lesson exemplars for the MATATAG K-to-12 Curriculum*. <https://www.deped.gov.ph/matatag-curriculum/lesson-exemplars/>
- Department of Education. (2023c). *MATATAG agenda*. <https://www.deped.gov.ph/matatag-agenda/>
- Department of Education. (2024). *DepEd releases policy guidelines for MATATAG Curriculum implementation for SY 2024-2025*. Official Gazette / Manila Bulletin. <https://mb.com.ph/2024/7/28/dep-ed-releases-policy-guidelines-for-matatag-curriculum-implementation-for-sy-2024-2025>
- Department of Education. (2025). *DepEd expands 2025 Summer Programs to address learning gaps across all grade levels*. <https://www.deped.gov.ph/2025/04/10/deped-expands-2025-summer-programs-to-address-learning-gaps-across-all-grade-levels/>
- Descartin, D. M., Kilag, O. K., Groenewald, E., Abella, J., Cordova Jr, N., & Jumalon, M. L. (2023). Curricular insights: Exploring the impact of Philippine K to 12 on PISA 2022 reading literacy



- achievement. *Excellencia: International Multi-Disciplinary Journal of Education*, 1(6), 334–342.
- Diehl, M. B., Riddle, S., & Bhatia, P. (2021). The trouble with poetry: Teachers' perceptions on poetry teaching and learning in the secondary classroom. *School of Education, Durham University*, 22–34.
- Elleman, A. M., & Oslund, E. L. (2019). Reading comprehension research: Implications for practice and policy. *Policy Insights from the Behavioral and Brain Sciences*, 6(1), 3–11.
- Emfimo, M., Silor, F. S., & Silor, A. (2024). Best practices in promoting gender equality in Philippine education. *The Asian Conference on Education 2024 Official Conference Proceedings*, 313–325. <https://doi.org/10.22492/issn.2435-5240.2024.25>
- Enteña, L., Ciruela, D. M., Esperon, H., & Pedrosa, A. (2024). Mga kolektibong karunungan bayan ng Claver: Isang pangnilalamang pagsusuri. *International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology*, 433–444. <https://doi.org/10.48175/IJARSCT-19441>
- Eslit, E. (2023). Resilience of Philippine folklore: An enduring heritage and legacy for the 21st century. *SSRN Electronic Journal*.
- Farkas, W. A., & Jang, B. G. (2019). Designing, implementing, and evaluating a school-based literacy program for adolescent learners with reading difficulties: A mixed-methods study. *Reading & Writing Quarterly*, 35(4), 305–321.
- Farrah, M., & Al-Bakri, R. (2022). The effectiveness of using poetry in developing English vocabulary, pronunciation and motivation of EFL Palestinian students. *Hebron University Research Journal (A-Humanities)*, 17(1), 125–148.
- Gaddi, J. M., & Tiongson, M. A. (2021). *Ang tula bilang porma at nilalaman sa panitikang Filipino*. University of the Philippines Press.
- Getenet, S. T. (2022). Teachers' knowledge framework for designing numeracy rich tasks across non-mathematics curriculum areas. *International Journal of Education in Mathematics, Science and Technology*, 10(3), 663–680.
- Greenham, J. (2019). A social constructivist approach to teaching poetry with Year 8 in England. In *Action research for inclusive education* (pp. 88–101). Routledge.
- Guttesen, K., & Kristjánsson, K. (2022). Cultivating virtue through poetry: An exploration of the characterological features of poetry teaching. *Ethics and Education*, 17(3), 277–293.
- Haw, J. Y., King, R. B., & Trinidad, J. E. R. (2021). Need supportive teaching is associated with greater reading achievement: What the Philippines can learn from PISA 2018. *International Journal of Educational Research*, 110, Article 101864.
- Idulog, M. V., Gadiano, R., Toledo, E., Hermosada, M., Casaldon, H., Mariposa, M., & Bautista, R. (2023). Filipino students' reading abilities: A note on the challenges and potential areas for improvement. *Journal of Educational and Management Studies*, 13(2), 23–31.
- Iida, A., & Chamcharatsri, B. (2022). Emotions in second language poetry writing: A poetic inquiry into Japanese EFL students' language learning experiences. *Innovation in Language Learning and Teaching*, 16(1), 53–66.



- Ilmiani, A. M., Miolo, M. I., Hunainah, H., & Maghfurin, A. (2022). Building literacy in reading foreign language books for Arabic education students. *Arabiyat: Jurnal Pendidikan Bahasa Arab Dan Kebahasaaraban*, 9(1), 44–55.
- International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence. (2024). Exploring the new MATATAG Curriculum for literacy and numeracy. *IMJRIS*, 1(6), 888–895. <https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/529>
- Julianto, I. R., Sintasari, D. P., Gusvita, W., Hayati, R. A., & Saputro, P. W. (2025). The importance of innovation in learning poetry using various media at elementary school level: A literature review. *Educational Insights*, 3(1), 1–7.
- Kagawaran ng Edukasyon. (2023). *General shaping paper of MATATAG Curriculum*. <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/GENERAL-SHAPING-PAPER-2023.pdf>
- Kangan Institute. (2021). *The importance of literacy and numeracy skills*. <https://www.kangan.edu.au/study-with-us/our-blog/the-importance-of-literacy-and-numeracy-skills>
- Kilag, O. K., Jimenez, J. R., Diano Jr, F. M., Balicoco, J. R. M., Echavez Jr, A. M., & Labasano, A. S. C. (2023). Developing K-2 Filipino children English language oral proficiency through concrete poetry teaching. *Science and Education*, 4(2), 886–895.
- Kilag, O. K., Quezon, J., Pansacala, J. A., Suba-An, J., Kilag, F., & Esdreton, K. G. (2023). Advancing reading skills: State-of-the-art remediation strategies. *Excellencia: International Multi-Disciplinary Journal of Education*, 1(1), 15–29.
- Kirsten, N. (2019). Improving literacy and content learning across the curriculum? How teachers relate literacy teaching to school subjects in cross-curricular professional development. *Education Inquiry*, 10(4), 368–384.
- Koda, K. (2018). Integrated communication skills approach: Reading to learn as a basis for language and content integration. In *Reading to learn in a foreign language* (pp. 30–54). Routledge.
- Kusaga, M. H. (2019). *Teaching poetry differently in secondary schools: A language supportive pedagogical approach* [Master's thesis, University of Dodoma].
- Labordo Jr, D. C. (2024). Assessing the influence of differentiated instruction on enhancing reading comprehension skills among learners: A quasi-experimental study. *The New English Teacher*, 18(2), Article 13.
- Li, P., & Clariana, R. B. (2019). Reading comprehension in L1 and L2: An integrative approach. *Journal of Neurolinguistics*, 50, 94–105.
- Librea, N. K., Luciano, A. M., Sacamay, M. L., Libres, M. D., & Cabanilla Jr, A. (2023). Low reading literacy skills of elementary pupils in the Philippines: Systematic review. *International Journal for Research in Applied Science and Engineering Technology (IJRASET)*, 11(4), 1978–1985.
- Lu, B. J. (2024). *Literacy important for PH development*. Philippine News Agency. <https://www.pna.gov.ph/opinion/pieces/962-literacy-important-for-ph-development>
- Mart, Ç. T. (2021). The seamless relationship between teaching poetry and language learning. *Universal*

-
- Journal of Educational Research*, 9(2), 288–291.
- Moldagali, M., Osmanova, Z., & Nurgaziyev, T. (2024). A meta-analysis of the impact of innovative poetry teaching methods on reading, writing, and comprehension skills. *Journal of Social Studies Education Research*, 15(5), 169–195.
- Mullis, I. V. S., Martin, M. O., Foy, P., Kelly, D. L., & Fishbein, B. (2020). *TIMSS 2019 international results in mathematics and science*. TIMSS & PIRLS International Study Center, Boston College.
- Nalangan, J. (2019). Problems affecting the numeracy skills among Grade Four learners of selected schools in Malapatan 1 District. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2).
- Nazula, D., Anggraeni, D. D. A., & Nafiah, A. Z. (2024). Strategic leadership in developing a culture of literacy: A case study at SDIT Qurrota A'yun Ponorogo. *IAS Journal of Localities*, 2(1), 82–95.
- Nematullaeva, M., & Sobirova, A. (2024). The role of poetry in foreign language acquisition. *Medicine, Pedagogy and Technology: Theory and Practice*, 2(10), 46–49.
- New South Wales Department of Education. (2025). *Numeracy*. <https://education.nsw.gov.au/teaching-and-learning/curriculum/literacy-and-numeracy/teaching-and-learning-resources/numeracy>
- Nurhasanah, N., Ikhsan, M., & Elizar, E. (2024). Enhancing numeracy skills and self-efficacy in junior high school students: A project-based learning approach. *International Journal of Research in Education and Science*, 10(3), 612–622.
- Nurviyani, V., Suherdi, D., & Lukmana, I. (2020). Developing students' reading skill through making multimodal inferences. *English Review: Journal of English Education*, 8(2), 175–182.
- O'Sullivan, K., O'Meara, N., Goos, M., & Conway, P. (2025). The "N" framework: A teacher knowledge framework for numeracy across the curriculum. *Numeracy*, 18(2), 1–24.
- Padernos, J. L. F. (2024). Utilization of teacher-made learning activity sheets as a tool in improving learners' numeracy skills: An action research. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 5(4), 1222–1227.
- Porlas, A. A. (2024). Guniguni, damdamin at simbolismo sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus: Disenyo ng aralin. *UB Advancing Filipino Research Journal*, 2(1), 66–81.
- Rajuroy, A., & Britney, J. M. (2025). *Investigating factors impacting literacy skills in Philippine elementary schools*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/388483149_Investigating_Factors_Impacting_Literacy_Skills_in_Philippine_Elementary_Schools
- Reyes, L. O., Atienza, A. V., & Calayag, M. U. (2024). The use of Project BIBO in improving the numeracy rate of elementary schools in Candelaria East District. *Industry and Academic Research Review*, 5(1), 1–16. <https://doi.org/10.53378/iarr.924.112>
- Santiago, E. T., & Mustacisa, M. L. (2024). Building the foundation: How literacy and numeracy skills in third grade impact overall academic achievement. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(7), 367–381. <https://doi.org/10.5281/zenodo.12733229>
- Santillán, J. J., & Rodas, F. D. (2020). Including poetry in the language classroom: Advantages and a
-



- lesson plan proposal. *Argentinian Journal of Applied Linguistics*, 8(1), 48–58.
- Santillan, J. P. (2023). Exploring challenges and factors in students' literacy: Basis for intervention program development. *Journal of Educational and Management Studies*, 13(2), 14–22.
- Sari, D. M. M., & Prasetyo, Y. (2021). Project-based-learning on critical reading course to enhance critical thinking skills. *Studies in English Language and Education*, 8(2), 442–456.
- Senate of the Philippines. (2023). *Public hearing of the Committee on Basic Education: MATATAG Curriculum of the Department of Education (DepEd)*.
[https://legacy.senate.gov.ph/publications/LRS/Quick%20Notes/Ctte%20on%20Basic%20Ed-MATATAG%20curriculum%20\(2\).pdf](https://legacy.senate.gov.ph/publications/LRS/Quick%20Notes/Ctte%20on%20Basic%20Ed-MATATAG%20curriculum%20(2).pdf)
- Sibuea, E. R., Siregar, P., & Sembiring, J. (2024). The impact of lyrical poetry on student vocabulary acquisition. *ETANIC Journal Of English Language Teaching And Applied Linguistics*, 2(1), 56–64.
- Sigvardsson, A. (2020). Don't fear poetry! Secondary teachers' key strategies for engaging pupils with poetic texts. *Scandinavian Journal of Educational Research*, 64(6), 953–966.
- Smith, R., Snow, P., Serry, T., & Hammond, L. (2021). The role of background knowledge in reading comprehension: A critical review. *Reading Psychology*, 42(3), 214–240.
- Soligan, C. (2025). Mathematics in literature: Enhancing learners' proficiency in numeracy through illustrated storybooks. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence*, 2(1), 101–112.
- Soto, C., Gutiérrez de Blume, A. P., Jacovina, M., McNamara, D., Benson, N., & Rizzo, B. (2019). Reading comprehension and metacognition: The importance of inferential skills. *Cogent Education*, 6(1), Article 1565067.
- Sun, Y., Wang, J., Dong, Y., Zheng, H., Yang, J., Zhao, Y., & Dong, W. (2021). The relationship between reading strategy and reading comprehension: A meta-analysis. *Frontiers in Psychology*, 12, Article 635289. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.635289>
- UNESCO. (2025). *Literacy*. <https://uis.unesco.org/node/3079547>
- United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (n.d.). *Literacy*.
<https://en.unesco.org/themes/literacy>
- Vu, V., Warschauer, M., & Yim, S. (2019). Digital storytelling: A district initiative for academic literacy improvement. *Journal of Adolescent & Adult Literacy*, 63(3), 257–267.
- Waring-Tiedeman, S. (2019). *The impact of early math and numeracy skills on academic achievement in elementary school* [Master's thesis, Northwestern College]. NWCommons.
https://nwcommons.nwciowa.edu/education_masters/145/
- Zainudin, M., Fatah, D., & Junarti, J. (2023). Literacy and numeracy research trends for elementary school student: A systematic literature review. *Journal of Education, Teaching and Learning*, 8(2), 164–171.
- Zhang, Q. R. (2022). New viewpoint on readers' reception in formalist literary theory. *Open Access Library Journal*, 9, 1–9. <https://doi.org/10.4236/oalib.1108895>